

Will and Testament of ‘Abdu’l-Bahá	Habilin at Testamento ni ‘Abdu’l-Bahá
Part One	Unang Bahagi
Herein Follow the Tablets and Testament of ‘Abdu’l-Bahá	Dito ay sumusunod ang mga Tableta at Testamento ni ‘Abdu’l-Bahá
All-praise to Him Who, by the Shield of His Covenant, hath guarded the Temple of His Cause from the darts of doubtfulness, Who by the Hosts of His Testament hath preserved the Sanctuary of His most Beneficent Law and protected His Straight and Luminous Path, staying thereby the onslaught of the company of Covenant-breakers, that have threatened to subvert His Divine Edifice; Who hath watched over His Mighty Stronghold and All-Glorious Faith, through the aid of men whom the slander of the slanderer affect not, whom no earthly calling, glory and power can turn aside from the Covenant of God and His Testament, established firmly by His clear and manifest words, writ and revealed by His All-Glorious Pen and recorded in the Preserved Tablet.	Ang lahat ng papuri ay mapasa Kaniya, na sa pamamagitan ng Kalasag ng Kaniyang Kasunduan, ay tinanuran ang Templo ng Kapakanan Niya mula sa mga suligi ng pag-aalinlangan, Siya na sa pamamagitan ng mga Hukbo ng Kaniyang Testamento ay napangalagaan ang Santuwaryo ng Kaniyang lubos na Mapagbigay-biyayang Batas at ipinagtanggol ang Kaniyang Tuwid at Maningning na Landas, at pinigil sa gayon ang pagsalakay ng pangkat ng mga lumabag sa Kasunduan, na nagbantang wasakin ang Kaniyang Banal na Gusali; Siya ang nagtanod sa Kaniyang Matibay na Muog at Lubos na Maluwalhating Pananampalataya, sa tulong ng mga taong hindi naililihis ng paninirang-puri ng mga naninirang-puri, yaong walang makalupang panawagan, kabantugan at kapangyarihan ang maaaring maglayo mula sa Kasunduan ng Diyos at Kaniyang Testamento, na matibay na naitatag ng Kaniyang malinaw at hayag na mga salita, na isinulat at isiniwalat ng Kaniyang Lubos na Maluwalhating Panulat at itinala sa Iniingatang Tableta.
Salutation and praise, blessing and glory rest upon that primal branch of the Divine and Sacred Lote-Tree, grown out, blest, tender, verdant and flourishing from the Twin Holy Trees; the most wondrous, unique and priceless pearl that doth gleam from out the Twin surging seas; upon the offshoots of the Tree of Holiness, the twigs of the Celestial Tree, they that in the Day of the Great Dividing have stood fast and firm in the Covenant; upon the Hands (pillars) of the Cause of God that have diffused widely the Divine Fragrances, declared His Proofs, proclaimed His Faith, published abroad His Law, detached	Pagpupugay at papuri, pagpapala at kaluwalhatian ay mapasa kaniya na pangunahing sanga ng Makalangit at Banal na Puno ng Lote, na lumago, pinagpala, mura, luntian at yumayabong mula sa Kambal na Banal na Puno; ang lubhang kahanga-hanga, walang katulad at walang kasing-halagang perlas na kumikislap mula sa dumadaluyong na Kambal na mga karagatan; sa mga supang ng Puno ng Kabanalan, ang maliit na mga sanga ng Makalangit na Puno, silang mga matibay at matatag na nanindigan sa Kasunduan sa Araw ng Dakilang Paghihiwalay; sa mga Hands (mga haligi) ng Kapakanan ng Diyos na lagapan na

themselves from all things but Him, stood for righteousness in this world, and kindled the Fire of the Love of God in the very hearts and souls of His servants; upon them that have believed, rested assured, stood steadfast in His Covenant and followed the Light that after my passing shineth from the Dayspring of Divine Guidance—for behold! he is the blest and sacred bough that hath branched out from the Twin Holy Trees. Well is it with him that seeketh the shelter of his shade that shadoweth all mankind.	isinabog ang Makalangit na mga Halimuyak, isinaad ang mga Katibayan Niya, ipinahayag ang Pananampalataya Niya, ipinalastas sa ibayo ang Batas Niya, iniwalay ang kanilang mga sarili sa lahat ng bagay liban sa Kaniya, nanindigan para sa pagkamatwid sa daigdig na ito, at pinagningas ang Apoy ng Pagmamahal sa Diyos sa mismong mga puso at mga kaluluwa ng mga tagapaglingkod Niya; sa kanilang mga naniwala, namalaging nakatitiyak, nanatiling matatag sa Kaniyang Kasunduan at sumunod sa Liwanag na makalipas ang aking pagpanaw ay suminag mula sa Pamimitak ng Banal na Patnubay—sapagkat masdan! siya ang pinagpala at banal na sanga na nagsanga mula sa Kambal na Banal na Puno. Napakabuti para sa kaniyang naghahanap ng kanlungan sa kaniyang lilim na kumakanlong sa buong sangkatauhan.
O ye beloved of the Lord! The greatest of all things is the protection of the True Faith of God, the preservation of His Law, the safeguarding of His Cause and service unto His Word. Ten thousand souls have shed streams of their sacred blood in this path, their precious lives they offered in sacrifice unto Him, hastened wrapt in holy ecstasy unto the glorious field of martyrdom, upraised the Standard of God's Faith and writ with their life-blood upon the Tablet of the world the verses of His Divine Unity. The sacred breast of His Holiness, the Exalted One (may my life be a sacrifice unto Him), was made a target to many a dart of woe, and in Mázindarán, the blessed feet of the Abhá Beauty (may my life be offered up for His loved ones) were so grievously scourged as to bleed and be sore wounded. His neck also was put into captive chains and His feet made fast in the stocks. In every hour, for a period of fifty years, a new trial and calamity befell Him and fresh afflictions and cares beset Him. One of them: after having suffered intense vicissitudes, He was made homeless and a wanderer and fell a victim to still new vexations and troubles. In	O kayong minamahal ng Panginoon! Ang pinakadakila sa lahat ng bagay ay ang pagtatanggol sa Tunay na Pananampalataya ng Diyos, ang pagpapanatili ng Kaniyang Batas, ang pangangalaga sa Kaniyang Kapakanan at paglilingkod sa Kaniyang Salita. Ang sampung libong kaluluwa ang nagpadanak ng kanilang banal na dugo sa landas na ito, nag-alay ng kanilang mahalagang mga buhay bilang pagpapakasakit alang-alang sa Kaniya, nang nalilipos ng banal na kagalakan ay nagmadaling nagtungo sa maluwalhating larangan ng pagmamartir, itinaas ang Bandila ng Pananampalataya ng Diyos at isinulat sa pamamagitan ng dugo ng kanilang buhay sa Tableta ng daigdig ang mga bersikulo ng Kaniyang Banal na Kaisahan. Ang banal na dibdib ng Kaniyang Kabanalan, Siyang Dakila (maging alay nawa ang aking buhay para sa Kaniya) ay ginawang tudlaan ng maraming suligi ng pighati, at sa Mázindarán, ang pinagpalang mga paa ng Kagandahan ng Abhá (maging handog nawa ang aking buhay sa Kaniyang mga minamahal), ay matinding hinampas hanggang sa magdugo at lubhang masugatan. Ang Kaniya ring leeg ay sinuutan

‘Íráq, the Day-Star of the world was so exposed to the wiles of the people of malice as to be eclipsed in splendor. Later on He was sent an exile to the Great City (Constantinople) and thence to the Land of Mystery (Adrianople), whence, grievously wronged, He was eventually transferred to the Most Great Prison (Akká). He Whom the world hath wronged (may my life be offered up for His loved ones) was four times banished from city to city, till at last, condemned to perpetual confinement, He was incarcerated in this prison, the prison of highway robbers, of brigands and of man-slayers. All this is but one of the trials that have afflicted the Blessed Beauty, the rest being even as grievous as this.	ng mga kadenang pambihag at ang Kaniyang mga paa ay mahigpit na sinuutan ng makapal na kahoy. Sa bawat oras, sa loob ng limampung taon, isang panibagong pagsubok at kapahamakan ang sinapit Niya at panibagong mga paghihirap at mga alalahanin ang kumubkob sa Kaniya. Ang isa sa mga iyon: matapos magdusa ng matinding pagbabago sa kalagayan, Siya ay ginawang walang tahanan at isang pagala at naging biktima pa ng panibagong mga pagkapoot at mga kaguluhan. Sa Íráq, ang Bituing-Araw ng daigdig ay lubhang nalantad sa mga panlilinlang ng mga taong may masamang hangarin, na natakpan ang Kaniyang karikitan. Pagkaraan nito, dinala Siya bilang isang tapon sa Dakilang Lungsod (Constantinople) at mula roon sa Lupain ng Hiwaga (Adrianople), kung saan Siya ay malubhang pinagkasalahan, at sa katapusan Siya ay inilipat sa Pinakamatinding Bilangguan (‘Akká). Siyang pinagkasalahan ng daigdig (maging alay nawa ang buhay ko para sa Kaniyang mga minamahal) ay apat na ulit na pinalayas mula sa isang lungsod patungo sa kasunod na lunsod, hanggang sa wakas ay hinatulang mabilanggo habang-buhay, Siya ay ibinilanggo sa piitang ito, ang piitan ng mga manghaharang, ng mga tulisan at ng mga mamamatay-tao. Ang lahat ng mga ito ay isa lamang sa mga pagsubok na dinanas ng Pinagpalang Kagandahan, ang iba pa ay kasintindi rin ng mga ito.
And still another of His trials was the hostility, the flagrant injustice, the iniquity and rebellion of Mírzá Yahyá. Although that Wronged One, that Prisoner, had through His loving-kindness nurtured him in His own bosom ever since his early years, had showered at every moment His tender care upon him, exalted his name, shielded him from every misfortune, endeared him to them of this world and the next, and despite the firm exhortations and counsels of His Holiness, the Exalted One (the Báb) and His clear and conclusive warning;—“Beware, beware, lest the Nineteen Letters of the Living and that which hath been revealed in the Bayán	At ang isa pa rin sa mga pagsubok Niya ay ang poot, ang hayagang kawalan ng katarungan, ang kasamaan at paghihimagsik ni Mírzá Yahyá. Kahit na Siyang Pinagkasalahan, ang Bilanggong iyon, bunga ng Kaniyang mapagmahal na kagandahang-loob ay inaruga siya sa sariling dibdib Niya mula pa sa kaniyang pagkabata, ibinuhos sa kaniya sa bawat sandali ang mapagkandiling pangangalaga Niya, dinakila ang kaniyang pangalan, ipinagsanggalang sa bawat kasawian, ginawang mapamahal siya sa kanila ng daigdig na ito at ng susunod, at sa kabila ng matibay na mga tagubilin at payo ng Kaniyang Kabanalan,

veil theel” yet notwithstanding this, Mírzá Yahyá denied Him, dealt falsely with Him, believed Him not, sowed the seeds of doubt, closed his eyes to His manifest verses and turned aside therefrom. Would that he had been content therewith! Nay, he even attempted to shed the sacred blood (of Bahá’u’lláh) and then raised a great clamor and tumult around him, attributing unto Bahá’u’lláh malevolence and cruelty towards himself. What sedition he stirred up and what a storm of mischief he raised whilst in the Land of Mystery (Adrianople)! At last, he wrought that which caused the Day-Star of the world to be sent an exile to this, the Most Great Prison, and sorely wronged, and in the West of this Great Prison He did set.	Siyang Dakila (ang Báb) at ng Kaniyang maliwanag at kapani-paniwalang babala;—“Mag-ingat, mag-ingat, na baka ang Labinsiyam na Titik ng Nabubuhay at yaong ipinahayag sa Bayán ay maging lambong sa iyo!” gayumpaman sa kabila nito, itinatwa Siya ni Mírzá Yahyá, mapanglinlang na pinakitunguhan Siya, hindi Siya pinaniwalaan, naghasik ng mga binhi ng pag-aalinlangan, ipinikit ang kaniyang mga mata sa maliwanag na mga bersikulo Niya at tumalikod mula roon. Kung nasiyahan na sana siya sa mga ginawang iyon! Hindi, tinangka pa niyang patuluin ang banal na dugo (ni Bahá’u’lláh) at pagkatapos ay nagsimula ng isang malaking pag-iingay at kaguluhan palibot niya, ibinintang kay Bahá’u’lláh ang masamang hangarin at kalupitan tungo sa kaniya. Anong paghihimagsik ang sinimulan niya at anong bagyo ng kalokohan ang kaniyang ginawa habang nasa Lupain ng Hiwaga (Adrianople)! Sa wakas, ginawa niya yaong naging sanhi ng pagpapatapon ng Bituing-Araw ng daigdig dito sa Pinakamatinding Bilangguan, at malubhang pinagkasalahan at Siya ay pumanaw sa Kanluran nitong Pinakamatinding Bilangguan.
O ye that stand fast and firm in the Covenant! The Center of Sedition, the Prime Mover of mischief, Mírzá Muḥammad ‘Alí, hath passed out from under the shadow of the Cause, hath broken the Covenant, hath falsified the Holy Text, hath inflicted a grievous loss upon the true Faith of God, hath scattered His people, hath with bitter rancor endeavored to hurt ‘Abdu’l-Bahá and hath assailed with the utmost enmity this servant of the Sacred Threshold. Every dart he seized and hurled to pierce the breast of this wronged servant, no wound did he neglect to grievously inflict upon me, no venom did he spare but he poisoned therewith the life of this hapless one. I swear by the most holy Abhá Beauty and by the Light shining from His Holiness, the Exalted One (may my soul be a sacrifice for Their lowly servants), that because of this iniquity the dwellers in the Pavilion of the Abhá Kingdom	O kayong naninindigan nang matapat at matatag sa Kasunduan! Ang Sentro ng Paghihimagsik, ang Pangunahing Taga-upat ng pagwasak, si Mírzá Muḥammad-‘Alí, ay umalis mula sa lilim ng Kapakanan, nilabag ang Kasunduan, nagsagawa ng panghuhuwad sa Banal na Kasulatan, nagbigay ng mabigat na kawalan sa tunay na Pananampalataya ng Diyos; pinaghiwa-hiwalay ang mga tao Niya, nang may mapait na pagkapoot ay sinikap saktan si ‘Abdu’l-Bahá at tinuligsa nang may ganap na pagngingitngit itong tagapaglingkod ng Banal na Bungad. Ang bawat suligi ay sinunggaban niya at ipinukol upang bumaon sa dibdib nitong pinagkasalahang tagapaglingkod, wala siyang kinaligtaang sugat upang malubhang magdusa ako, walang lason ang kaniyang pinatawad upang lasunin niya ang buhay ng sawimpalad na ito. Isinusumpa ko sa pinakabanal na Kagandahan ng Abhá at sa

have bewailed, the Celestial Concourse is lamenting, the Immortal Maids of Heaven in the All-Highest Paradise have raised their plaintive cries and the angelic company sighed and uttered their moanings. So grievous the deeds of this iniquitous person became that he struck with his axe at the root of the Blessed Tree, dealt a heavy blow at the Temple of the Cause of God, deluged with tears of blood the eyes of the loved ones of the Blessed Beauty, cheered and encouraged the enemies of the One True God, by his repudiation of the Covenant turned many a seeker after Truth aside from the Cause of God, revived the blighted hopes of Yahyá's following, made himself detested, caused the enemies of the Greatest Name to become audacious and arrogant, put aside the firm and conclusive verses and sowed the seeds of doubt. Had not the promised aid of the Ancient Beauty been graciously vouchsafed at every moment to this one, unworthy though he be, he surely would have destroyed, nay exterminated the Cause of God and utterly subverted the Divine Edifice. But, praised be the Lord, the triumphant assistance of the Abhá Kingdom was received, the hosts of the Realm above hastened to bestow victory. The Cause of God was promoted far and wide, the call of the True One was noised abroad, ears in all regions were inclined to the Word of God, His standard was unfurled, the ensigns of Holiness gloriously waved aloft and the verses celebrating His Divine Unity were chanted. Now, that the true Faith of God may be shielded and protected, His Law guarded and preserved and His Cause remain safe and secure, it is incumbent upon everyone to hold fast unto the Text of the clear and firmly established blessed verse, revealed about him. None other transgression greater than his can be ever imagined. He (Bahá'u'lláh) sayeth, glorious and holy is His Word:—"My foolish loved ones have regarded him even as my partner, have kindled sedition in the land and they verily are of the mischief-makers."

Liwanag na nagniningning mula sa Kabanalan Niya, Siyang Dakila (maging alay nawa ang aking kaluluwa para sa Kanilang mga abang tagapaglingkod), na dahilan sa kasamaang ito ang mga nananahan sa Pabilyon ng Kaharian ng Abhá ay nanaghoy, ang Makalangit na Kalipunan ay nagdalamhati, ang Walang Kamatayang mga Kawaksing Babae sa Kalangitan ng Pinakamataas na Paraiso ay pinalakas ang kanilang malungkot na mga panangis at ang pangkat ng mga anghel ay nagbuntong-hininga at sinambit ang kanilang mga panaghoy. Lubhang napakasakit ang mga ginawa nitong makasalanang tao na kaniyang sinibak ng kaniyang palakol ang ugat ng Pinagpalang Puno, nagdulot ng isang mabigat na dagok sa Templo ng Kapakanan ng Diyos, pinabaha sa mga luha ng dugo ang mga mata ng mga minamahal ng Pinagpalang Kagandahan, pinasaya at pinalakas ang loob ng mga kaaway ng lisang Tunay na Diyos, dahilan sa kaniyang pagtatakwil sa Kasunduan maraming mga naghahanap ng Katotohanan ang tumalikod sa Kapakanan ng Diyos, muling binuhay ang nawasak na pag-asa ng mga sumusunod kay Yahyá, ginawang kamuhi-muhi ang sarili niya, naging dahilan na maging mapangahas at hambog ang mga kaaway ng Pinakadakilang Pangalan, isinaisang tabi ang matibay at kapani-paniwalang mga bersikulo at naghasik ng mga binhi ng pag-aalinlangan. Kung hindi sa ipinangakong tulong ng Napakatandang Kagandahan na mapagpalang ipinagkaloob sa abang ito sa bawat sandali, hindi man siya karapat-dapat, tiyak na nasira na niya, hindi lamang iyon, napuksa na niya ang Kapakanan ng Diyos at ganap na naigupo ang Banal na Gusali. Ngunit, purihin ang Panginoon, ang matagumpay na tulong ng Kaharian ng Abhá ay tinanggap, ang mga hukbo ng Kaharian sa itaas ay nagmadali upang ipagkaloob ang tagumpay. Ang Kapakanan ng Diyos ay naitaguyod nang malayuan at malawakan, ang panawagan Niya na Siyang Tunay ay laganap na ipinamalita, ang mga tainga sa lahat ng dako ay nakinig sa

Consider, how foolish are the people! They that have been in His (Bahá'u'lláh's) Presence and beheld His Countenance, have nevertheless noised abroad such idle talk, until, exalted be His explicit words, He said:—"Should he for a moment pass out from under the shadow of the Cause, he surely shall be brought to naught." Reflect! What stress He layeth upon one moment's deviation: that is, were he to incline a hair's breadth to the right or to the left, his deviation would be clearly established and his utter nothingness made manifest. And now ye are witnessing how the wrath of God hath from all sides afflicted him and how day by day he is speeding towards destruction. Ere long will ye behold him and his associates, outwardly and inwardly, condemned to utter ruin.	Salita ng Diyos, ang Kaniyang bandila ay iniladlad, ang mga watawat ng Kabanalan ay maluwalhating iniwagayway nang mataas at ang mga bersikulong nagbubunyi sa Banal na Kaisahan Niya ay dinalit. Ngayon, upang ang Tunay na Pananampalataya ng Diyos ay maipagsanggalang at mapangalagaan, ang Kaniyang Batas ay maipagtanggol at mapag-ingatan at ang Kaniyang Kapakanan ay manatiling ligtas at matiwasay, tungkulin ng bawat isa ang mangapit nang mahigpit sa Teksto ng malinaw at matibay na naitatag ng pinagpalang bersikulo, na ipinahayag tungkol sa kaniya. Walang pagkakasala ang hihigit pa kaysa sa kaniyang ginawa ang maaaring maisip. Siya (si Bahá'u'lláh) ay nagsabi, maluwalhati at banal ang salita Niya:—"Ang Aking hangal na mga minamahal ay itinuring pa siya na aking kapantay, nagsimula ng isang paghihimagsik sa lupain at sila, sa katunayan, ang gumagawa ng kasamaan." Isipin, gaano ang kahangalan ng mga tao! Silang nakarating na sa Harapan Niya (ni Bahá'u'lláh) at namasdan ang Mukha Niya, gayumpaman, sila pa ang nagmakaingay sa ibayong dako ng gayong walang saysay na mga salita, hanggang, purihin ang Kaniyang maliwanag na mga salita, Siya ay nagsabi:—"Kung sa isang saglit siya ay lilisan mula sa lilim ng Kapakanan, tiyak na siya ay hahantong sa kawalan." Nilay-nilayin! Anong pagpapahalaga ang inilagay Niya sa isang sandali ng paglabag: iyon ay, kung siya ay kikiling kahit na kasing kitid ng isang hibla ng buhok sa kanan o sa kaliwa, ang kaniyang paglihis ay maliwanag na mapatutunayan at ang kaniyang ganap na kawalan ay mahahayag. At ngayon nasasaksihan ninyo kung gaano siya pinarurusahan ng poot ng Diyos mula sa lahat ng panig at kung paanong araw-araw siya ay mabilis na bumubulusok sa pagkawasak. Hindi magtatagal at makikita ninyo siya at ang kaniyang mga kasamahan, sa labas at sa loob, ay hinatulan ng ganap na pagkawasak.
What deviation can be greater than breaking the Covenant of God! What deviation can be	Anong paglihis ang hihigit pa kaysa sa pagsuway sa Kasunduan ng Diyos! Anong

greater than interpolating and falsifying the words and verses of the Sacred Text, even as testified and declared by Mírzá Badí'u'lláh! What deviation can be greater than calumniating the Center of the Covenant himself! What deviation can be more glaring than spreading broadcast false and foolish reports touching the Temple of God's Testament! What deviation can be more grievous than decreeing the death of the Center of the Covenant, supported by the holy verse:—"He that layeth a claim ere the passing of a thousand years..." whilst he (Muḥammad 'Alí) without shame in the days of the Blessed Beauty had advanced such a claim as this and been confuted by Him in the aforementioned manner, the text of his claim being still extant in his own handwriting and bearing his own seal. What deviation can be more complete than falsely accusing the loved ones of God! What deviation can be more evil than causing their imprisonment and incarceration! What deviation can be more severe than delivering into the hands of the government the Holy Writings and Epistles, that haply they (the government) might arise intent upon the death of this wronged one! What deviation can be more violent than threatening the ruin of the Cause of God, forging and slanderously falsifying letters and documents so that this might perturb and alarm the government and lead to the shedding of the blood of this wronged one,—such letters and documents being now in the possession of the government! What deviation can be more odious than his iniquity and rebellion! What deviation can be more shameful than dispersing the gathering of the people of salvation! What deviation can be more infamous than the vain and feeble interpretations of the people of doubt! What deviation can be more wicked than joining hands with strangers and with the enemies of God!

paglihis ang higit pa kaysa sa pagdaragdag at panghuhuwad sa mga salita at bersikulo ng Banal na Kasulatan, na pinatotohanan at iniulat ni Mírzá Badí'u'lláh! Anong paglihis ang hihigit pa kaysa sa paninirang-puri sa Sentro ng Kasunduan mismo! Anong paglihis ang higit pang maliwanag kaysa sa pagpapalaganap ng mali at walang katuturang mga ulat tungkol sa Templo ng Banal na Testamento ng Diyos! Anong paglihis ang lulubha pa kaysa sa paghahatol ng kamatayan sa Sentro ng Kasunduan, na kinakatigan ng banal na bersikulo:—"Sinuman ang umangkin bago lumipas ang isang libong taon." Samantalang siya (si Muhammad-'Alí) nang walang kahihiyan noong mga araw ng Pinagpalang Kagandahan ay nagpahayag ng gayong karapatan tulad nito at pinabulaanan Niya sa nabanggit na paraan, ang teksto ng kaniyang pag-angkin ay nananatili pang nasusulat sa kaniyang sariling sulat-kamay at taglay ang kaniyang sariling tatak. Anong paglihis ang magiging higit pang lubos kaysa sa maling pagpapatang sa mga mahal ng Diyos! Anong paglihis ang sasama pa kaysa sa pagiging dahilan ng kanilang pagkabilanggo at pagkapiit! Anong paglihis ang lulubha pa kaysa sa pagbibigay ng mga Banal na Kasulatan at mga Kalatas sa kamay ng pamahalaan, sa pag-asang magbabangon sila (ang pamahalaan) upang patayin ang pinagkasalahang ito! Anong paglihis ang higit na marahas pa kaysa sa pagtatangkang wasakin ang Kapakanan ng Diyos, gumawa ng huwad at naninirang-puring mga liham at kasulatan upang ligaligin at takutin ng mga ito ang pamahalaan at maging daan sa pagpapadanak ng dugo ng pinagkasalahang ito,—ang ganitong mga liham at kasulatan na nasa kamay ngayon ng pamahalaan! Anong paglihis ang higit na kasuklam-suklam pa kaysa sa kaniyang kawalan ng katarungan at panghihimagsik! Anong paglihis ang higit na kahiya-hiya pa kaysa sa paghiwa-hiwalayin ang nagtitipong mga tao ng kaligtasan! Anong paglihis ang higit pang kahiya-hiya kaysa sa

	walang kabuluhan at walang saysay na mga pakahulugan ng mga tao ng pag-aalinlangan! Anong paglihis ang sasama pa kaysa sa pakikipagkaisa sa mga hindi kilala at sa mga kaaway ng Diyos!
A few months ago, in concert with others, he that hath broken the Covenant hath prepared a document teeming with calumny and slander wherein, the Lord forbid, among many similar slanderous charges, ‘Abdu’l-Bahá is deemed a deadly enemy, the ill-wisher of the Crown. They so perturbed the minds of the members of the Imperial Government that at last a Committee of Investigation was sent from the seat of His Majesty’s Government which, violating every rule of justice and equity that befit His Imperial Majesty, nay, with the most glaring injustice, proceeded with its investigations. The ill-wishers of the One True God surrounded them on every side and explained and excessively enlarged upon the text of the document whilst they (the members of the Committee) in their turn blindly acquiesced. One of their many calumnies was that this servant had raised aloft a banner in this city, had summoned the people together under it, had established a new sovereignty for himself, had erected upon Mount Carmel a mighty stronghold, had rallied around him all the peoples of the land and made them obedient to him, had caused disruption in the Faith of Islám, had covenanted with the following of Christ and, God forbid, had purposed to cause the gravest breach in the mighty power of the Crown. May the Lord protect us from such atrocious falsehoods!	Ilang buwan lamang ang nakararaan, sa pakikipagsabwatan sa iba, siyang lumabag sa Kasunduan, ay naghanda ng isang kasulatan na punong-puno ng kasinungalingan at paninirang-puri na kung saan, iadya nawa ng Diyos, kasama ng iba pang katulad na mga paratang mapanirang-puri, si ‘Abdu’l-Bahá ay itinuring na isang mahigpit na kaaway, ang naghahangad ng masama sa Korona. Lubhang niligalig nila ang mga isipan ng mga kaanib ng Pamahalaan ng Kaharian, na sa wakas, ang isang Lupon ng Tagasiyasat ay ipinadala mula sa luklukan ng Pamahalaan ng Kaniyang Kamahalan, na habang nilalabag ang bawat patakaran ng katarungan at pagkamakatao na naaangkop sa Kaniyang Kamahalan, hindi lamang iyon, nang may pinakamaliwanag na kawalan ng katarungan, ay ipinagpatuloy ang mga pagsisiyasat nito. Ang mga naghahangad ng masama laban sa Iisang Tunay na Diyos ay pinaligiran sila sa lahat ng panig at ipinaliwanag at labis na pinalubha ang nilalaman ng kasulatan samantalang sila (ang mga kasapi ng Lupon) sa kanilang panig ay bulag na sumang-ayon. Ang isa sa marami nilang paninirang-puri ay yaong ang tagapaglingkod na ito ay nagtaas daw ng isang bandila sa lungsod na ito, hinikayat ang mga tao na magsama-sama sa ilalim nito, nagtatag ng isang bagong kaharian para sa Kaniyang Sarili, nagtayo ng isang matibay na muog sa Bundok ng Carmel, tinipon ang lahat ng mga tao ng lupain sa paligid Niya at ginawang sumunod sila sa Kaniya, at naging dahilan ng pagkakagulo sa Pananampalataya ng Islám, gumawa ng kasunduan sa mga sumusunod kay Kristo at, iadya nawa ng Diyos, naghangad na gumawa ng pinakamalalang pagsira sa makapangyarihang lakas ng Korona. Pangalagaan nawa tayo ng Panginoon sa ganitong mga buktot na kasinungalingan!

According to the direct and sacred command of God we are forbidden to utter slander, are commanded to show forth peace and amity, are exhorted to rectitude of conduct, straightforwardness and harmony with all the kindreds and peoples of the world. We must obey and be the well-wishers of the governments of the land, regard disloyalty unto a just king as disloyalty to God Himself and wishing evil to the government a transgression of the Cause of God. With these final and decisive words, how can it be that these imprisoned ones should indulge in such vain fancies; incarcerated, how could they show forth such disloyalty! But alas! The Committee of Investigation hath approved and confirmed these calumnies of my brother and ill-wishers and submitted them to the presence of His Majesty the Sovereign. Now at this moment a fierce storm is raging around this prisoner who awaiteth, be it favorable or unfavorable, the gracious will of His Majesty, may the Lord aid him by His grace to be just. In whatsoever condition he may be, with absolute calm and quietness, ‘Abdu’l-Bahá is ready for self-sacrifice and is wholly resigned and submitted to His Will. What transgression can be more abominable, more odious, more wicked than this!	Sang-ayon sa tahas at banal na utos ng Diyos, tayo ay pinagbabawalang magsabi ng paninirang-puri, inuutusan na magpakita ng kapayapaan at pakikipagkaibigan, pinapayuhan na maging marangal sa pag-uugali, maging tapat at makiisa sa lahat ng mga angkan at mga tao ng daigdig. Dapat tayong sumunod at maghangad ng kabutihan sa mga pamahalaan ng bansa, ituring ang pagtataksil sa isang makatarungang hari bilang isang pagtataksil sa Diyos Mismo at ang paghahangad ng masama sa pamahalaan bilang isang pagsuway sa Kapakanan ng Diyos. Sa ganitong di-mababago at tiyak na mga salita, paano mangyayaring ang mga bilanggong ito ay makapagmamalabis sa ganoong mga walang kabuluhang kahumalingan; nakapiit, paano sila makapagpapakita ng gayong kataksilan! Ngunit sa aba! Ang Lupon ng Tagasiyasat ay sinang-ayunan at pinagtibay ang mga kasinungalingang ito ng aking kapatid at ng mga naghahangad ng masama at iniharap ang mga iyon sa Kaniyang Kamahalan ang Hari. Sa sandaling ito, isang malupit na bagyo ang nagngangalit sa paligid ng bilanggong ito na naghihintay, maging mabuti o masama man, ng mapagpalang kalooban ng Kaniyang Kamahalan, harinawang tulungan siya ng Panginoon sa pamamagitan ng Kaniyang pagpapala na maging makatarungan. Anuman ang maging kalagayan niya, nang may ganap na katiwasayan at kahinahunan, si ‘Abdu’l-Bahá ay handang ipagpakasakit ang sarili at ganap na nakatalaga at nagpapailalim sa Kaniyang Kalooban. Anong kasalanan ang higit pang kamuhi-muhi, kasuklam-suklan, at napakasamang mga gawain kaysa rito!
In like manner, the focal Center of Hate, hath purposed to put ‘Abdu’l-Bahá to death and this is supported by the testimony written by Mírzá Shu‘á‘u’lláh himself and is here enclosed. It is evident and indisputable that they are privily and with the utmost subtlety engaged in conspiring against me. The following are his very words written by him in this letter:—“I curse at every moment him that hath kindled	Sa gayunding paraan, nilayon ng tampulan ng Sentro ng Pagkamuhi na ipapatay si ‘Abdu’l-Bahá at ito ay kinatigan ng pagpapatibay na isinulat ni Mírzá Shua’u’lláh mismo at ito ay lakip dito. Maliwanag at hindi mapag-aalinlanganan ito, na sila ay palihim at nang may sukdulang katusuhan ay abala na nagtutungan laban sa akin. Ang sumusunod ay ang mismong mga salitang isinulat niya sa

this discord, imprecate in these words ‘Lord! have no mercy upon him’ and I hope ere long God will make manifest the one that shall have no pity on him, who now weareth another garb and about whom I cannot any more explain.” Reference he doth make by these words to the sacred verse that beginneth as follows:—“He that layeth a claim ere the passing of a thousand years...” Reflect! How intent they are upon the death of ‘Abdu’l-Bahá! Ponder in your hearts upon the phrase “I cannot any more explain” and realize what schemes they are devising for this purpose. They fear lest, too fully explained, the letter might fall into alien hands and their schemes be foiled and frustrated. The phrase is only foretelling good tidings to come, namely that regarding this all requisite arrangements have been made.	liham na ito: — “Isinusumpa ko sa bawat sandali siyang nagsimula ng hidwaang ito, isinusumpa siya sa ganitong mga salita ‘Panginoon! Huwag siyang kaawaan’ at umaasa akong hindi magtatagal ay ihahayag ng Diyos ang taong hindi magkakaroon ng habag sa kaniya, na ngayon ay may ibang kasuotan at wala na akong maipaliliwanag pa tungkol sa kaniya.” Ang ginawa niyang pagtukoy sa mga salitang ito ay tungkol sa banal na bersikulong ang panimula ay ang sumusunod: — “Sinuman ang umangkin bago lumipas ang isang libong taon...” Isipin! Gaano ang paghahangad nila na mamatay si ‘Abdu’l-Bahá! Nilay-nilayin sa inyong puso ang pariralang — “wala na akong maipaliliwanag pa” at mauunawaan kung anong mga pakana ang kanilang ginagawa para sa layuning ito. Nangangamba sila na kung lubos na maipaliwanag, ang liham ay baka bumagsak sa ibang kamay, at ang kanilang pakana ay mahahadlangan at mabibigo. Ang parirala ay nagbabadya lamang ng magandang balita na darating, at iyon ay ang lahat ng kinakailangang gawain kaugnay nito ay nagawa na.
O God, my God! Thou seest this wronged servant of Thine, held fast in the talons of ferocious lions, of ravening wolves, of bloodthirsty beasts. Graciously assist me, through my love for Thee, that I may drink deep of the chalice that brimmeth over with faithfulness to Thee and is filled with Thy bountiful Grace; so that, fallen upon the dust, I may sink prostrate and senseless whilst my vesture is dyed crimson with my blood. This is my wish, my heart’s desire, my hope, my pride, my glory. Grant, O Lord my God, and my Refuge, that in my last hour, my end may even as musk shed its fragrance of glory! Is there a bounty greater than this? Nay, by Thy Glory! I call Thee to witness that no day passeth but that I quaff my fill from this cup, so grievous are the misdeeds wrought by them that have broken the Covenant, kindled discord, showed their malice, stirred sedition in the land and dishonored Thee amidst Thy servants. Lord!	O Diyos, aking Diyos! Iyong nakikita ang Iyong pinagkasalahang tagapaglingkod na ito, na sakmal ng mga kuko ng mabangis na mga leon, ng gutom na gutom na mga lobo, ng mga halimaw na uhaw sa dugo. Magiliw na tulungan ako, bunga ng aking pag-ibig sa Iyo, upang makainom ako nang malalim sa kalis na umaapaw sa katapatan sa Iyo at tigib ng Iyong masaganang Pagpapala; upang sa pagbagsak sa alabok, ako ay lulubog nang nakaluhod at walang malay habang ang kasuotan ko ay nakulayan ng pula ng aking dugo. Ito ang aking mithiin, ang lunggati ng aking puso, ang aking pag-asa, ang aking karangalan, ang aking kaluwalhatian. Itulot, O Panginoon na aking Diyos, at ang aking Kanlungan, na sa aking mga huling oras, ang aking wakas ay maging tulad ng <i>musk</i> na nagsasabog ng halimuyak ng luwalhati nito! Mayroon bang kagandahang-loob na hihigit pa rito! Wala na, saksi ang Iyong Kaluwalhatian! Nananawagan

Shield Thou from these Covenant-breakers the mighty Stronghold of Thy Faith and protect Thy secret Sanctuary from the onslaught of the ungodly. Thou art in truth the Mighty, the Powerful, the Gracious, the Strong.	ako sa Iyo na saksihan na walang araw ang lumilipas na hindi ako lubos na umiinom mula sa kopang ito, yamang lubhang matindi ang mga kasalanang ginawa nila na lumabag sa Kasunduan, pinagningas ang hidwaan, ipinakita ang kanilang masamang hangarin, nagsimula ng pagtataksil sa lupain at nilapastangan Ka sa Iyong mga tagapaglingkod. Panginoon! Iyong ipagsanggalang mula sa mga lumabag na ito sa Kasunduan ang matatag na Muog ng Iyong Pananampalataya at pangalagaan ang Iyong lihim na Santuwaryo mula sa pananalakay ng hindi makadiyos. Ikaw sa katotohanan ang Makapangyarihan, ang Malakas, ang Mapagpala, ang Matatag.
In short, O ye beloved of the Lord! The Center of Sedition, Mirzá Muḥammad ‘Alí, in accordance with the decisive words of God and by reason of his boundless transgression, hath grievously fallen and been cut off from the Holy Tree. Verily, we wronged them not, but they have wronged themselves!	Sa maikling salita, O kayong minamahal ng Panginoon! Ang Sentro ng Kataksilan, si Mirzá Muhammad ‘Alí, sang-ayon sa tiyak na mga salita ng Diyos at dahilan sa kaniyang walang hanggang kasalanan, ay malubhang bumagsak at pinutol mula sa Banal na Puno. Sa katunayan, hindi kami nagkasala sa kanila, kundi sila ang nagkasala sa kanilang sarili.
O God, my God! Shield Thy trusted servants from the evils of self and passion, protect them with the watchful eye of Thy loving kindness from all rancor, hate and envy, shelter them in the impregnable stronghold of Thy care and, safe from the darts of doubtfulness, make them the manifestations of Thy glorious Signs, illumine their faces with the effulgent rays shed from the Dayspring of Thy Divine Unity, gladden their hearts with the verses revealed from Thy Holy Kingdom, strengthen their loins by Thy all-swaying power that cometh from Thy Realm of Glory. Thou art the All-Bountiful, the Protector, the Almighty, the Gracious!	O Diyos, aking Diyos! Ipagsanggalang ang Iyong pinagkakatiwalaang mga tagapaglingkod mula sa mga kasamaan ng sarili at mapusok na damdamin, pangalagaan sila ng mapagmasid na mata ng Iyong mapagmahal na kahabagan laban sa lahat ng poot, pagkamuhi at inggit, kupkupin sila sa matibay na kuta ng Iyong Pangangalaga at, nang ligtas sa mga palaso ng paghihinala, gawin silang mga kapahayagan ng Iyong maluwalhating mga tanda, liwanagan ang kanilang mga mukha ng maningning na mga sinag na isinasabog ng Pamimitak ng Iyong banal na Kaisahan, bigyang-galak ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng mga bersikulong ipinahayag mula sa Iyong banal na Kaharian, palakasin ang kanilang mga balakang sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihang ganap na mabisa mula sa Iyong Kaharian ng Kaluwalhatian. Ikaw ang Lubos na Mapagpala, ang Tagapagtanggol, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Mapagbigay-biyaya!

O ye that stand fast in the Covenant! When the hour cometh that this wronged and broken-winged bird will have taken its flight into the Celestial Concourse, when it will have hastened to the Realm of the Unseen and its mortal frame will have been either lost or hidden neath the dust, it is incumbent upon the Afnán, that are steadfast in the Covenant of God and have branched from the Tree of Holiness; the Hands, (pillars) of the Cause of God (the glory of the Lord rest upon them), and all the friends and loved ones, one and all to bestir themselves and arise with heart and soul and in one accord, to diffuse the sweet savors of God, to teach His Cause and to promote His Faith. It behooveth them not to rest for a moment, neither to seek repose. They must disperse themselves in every land, pass by every clime, and travel throughout all regions. Bestirred, without rest and steadfast to the end they must raise in every land the triumphal cry “O Thou the Glory of Glories!” (Yá Bahá’u’l-Abhá), must achieve renown in the world wherever they go, must burn brightly even as a candle in every meeting and must kindle the flame of Divine love in every assembly; that the light of truth may rise resplendent in the midmost heart of the world, that throughout the East and throughout the West a vast concourse may gather under the shadow of the Word of God, that the sweet savors of holiness may be diffused, that faces may shine radiantly, hearts be filled with the Divine spirit and souls be made heavenly.

O kayong matatag na nanangangapit sa Kasunduan! Kapag dumating na ang oras na itong pinagkasalahan at baling-bagwis na ibon ay lumipad na patungo sa makalangit na Kalipunan, kapag ito ay nagmamadaling magtungo sa Kaharian ng Di-Nakikita at ang kaniyang katawang-tao ay maaaring mawala o matago sa alabok, tungkulin ng mga Afnán, na matatag na nangangapit sa Kasunduan ng Diyos, at nagsanga mula sa Puno ng Kabanalan; ng mga Hands (haligi) ng Kapakanan ng Diyos, (ang kaluwalhatian ng Diyos ay mapasa-kanila), at ng lahat ng mga kaibigan at mga minamahal, bawat isa at lahat, na pakilusin ang kanilang mga sarili at magbangon nang buong puso at kaluluwa at nang nagkakasundo, upang palaganapin ang kalugod-lugod na mga halimuyak ng Diyos, upang ituro ang Kaniyang Kapakanan at upang itaguyod ang Kaniyang Pananampalataya. Nararapat sa kanilang huwag magpahinga kahit isang sandali, ni kaya ay maghangad na magpahingalay. Nararapat na ikalat ang kanilang mga sarili sa lahat ng lupain, dumaan sa lahat ng klima at maglakbay sa lahat ng dako. Pinasigla, nang walang pahinga at matatag hanggang sa wakas, nararapat na isigaw nila sa lahat ng dako ang hiyaw ng tagumpay “Ya Bahá’u’l-Abhá!” (O Ikaw na Luwalhati ng mga Kaluwalhatian!), nararapat na magtamo ng kabantugan sa daigdig saan man sila magtungo, nararapat na magningas nang maliwanag tulad ng isang kandila sa bawat pagpupulong at nararapat paningasin ang apoy ng Banal na pag-ibig sa bawat kapulungan; upang ang liwanag ng katotohanan ay sumikat nang napakaningning sa kaibuturang puso ng daigdig, upang sa buong Silangan at sa buong Kanluran ang isang malaking kalipunan ay magtipon sa ilalim ng lilim ng Salita ng Diyos, upang ang kalugod-lugod na mga halimuyak ng kabanalan ay maipalaganap, upang ang mga mukha ay lumiwanag nang maningning, ang mga puso ay mapuspos ng Banal na espiritu at ang mga kaluluwa ay maging makalangit.

In these days, the most important of all things is the guidance of the nations and peoples of the world. Teaching the Cause is of utmost importance for it is the head corner-stone of the foundation itself. This wronged servant has spent his days and nights in promoting the Cause and urging the peoples to service. He rested not a moment, till the fame of the Cause of God was noised abroad in the world and the celestial strains from the Abhá Kingdom roused the East and the West. The beloved of God must also follow the same example. This is the secret of faithfulness, this is the requirement of servitude to the Threshold of Bahá!	Sa mga araw na ito, ang pinakamahalaga sa lahat ng bagay ay ang pamamatnubay sa mga bansa at mga sambayanan ng daigdig. Ang pagtuturo ng Kapakanan ay lubhang napakahalaga sapagkat ito ang pangunahing batong-panulok ng saligan mismo. Ginugol ng pinagkasalahang ito ang mga araw at gabi niya sa pagtataguyod ng Kapakanan at paghimok sa mga sambayanan sa paglilingkod. Hindi siya namahinga kahit isang saglit, hanggang sa ang kabantugan ng Kapakanan ng Diyos ay naibalita nang malawakan sa daigdig at ang makalangit na mga himig mula sa Kaharian ng Abhá ay ginising ang Silangan at ang Kanluran. Nararapat sundin ng mga minamahal ng Diyos ang gayunding halimbawa. Ito ang lihim ng katapatan, ito ang hinihingi ng pagka-alipin sa Bungad ni Bahá!
The disciples of Christ forgot themselves and all earthly things, forsook all their cares and belongings, purged themselves of self and passion and with absolute detachment scattered far and wide and engaged in calling the peoples of the world to the Divine Guidance, till at last they made the world another world, illumined the surface of the earth and even to their last hour proved self-sacrificing in the pathway of that Beloved One of God. Finally in various lands they suffered glorious martyrdom. Let them that are men of action follow in their footsteps!	Ang mga disipulo ni Kristo ay nilimot ang kanilang mga sarili at ang lahat ng makalupang bagay, tinalikuran ang lahat ng kanilang mga alalahanin at ari-arian, nilinis ang kanilang sarili sa pagiging makasarili at sa simbuyo ng damdamin at nang may ganap na pagkawalay sa lahat ng bagay, ay kumalat sa lahat ng dako at naging abala sa pananawagan sa mga sambayanan ng daigdig tungo sa banal na patnubay; hanggang sa wakas ay ginawa nila ang daigdig na maging ibang daigdig, pinagliwanag ang balat ng lupa, at kahit na sa kanilang huling oras ay pinatunayan ang pagpapakasakit ng sarili sa landas Niya na Minamahal ng Diyos. Sa katapusan sa iba't ibang lupain sila ay nagdusa ng maluwalhating pagmamartir. Hayaan silang mga tao ng gawa ay sumunod sa kanilang mga bakas!
O my loving friends! After the passing away of this wronged one, it is incumbent upon the Aghsán (Branches), the Afnán (Twigs) of the Sacred Lote-Tree, the Hands (pillars) of the Cause of God and the loved ones of the Abhá Beauty to turn unto Shoghi Effendi—the youthful branch branched from the two hallowed and sacred Lote-Trees and the fruit grown from the union of the two offshoots of the Tree of Holiness,—as he is the sign of God,	O aking mapagmahal na mga kaibigan! Matapos ang pagpanaw ng pinagkasalahang ito, tungkulin ng mga Aghsán (mga Sanga), ng mga Afnán (maliit na mga Sanga) ng Banal na Puno ng Lote, ng mga Hands (mga haligi) ng Kapakanan ng Diyos at ng mga minamahal ng Kagandahan ng Abhá na bumaling kay Shoghi Effendi—ang kabataang sanga na nagsanga mula sa dalawang pinagpala at banal na mga Puno ng Lote, at ang bungang tumubo mula sa

the chosen branch, the Guardian of the Cause of God, he unto whom all the Aghsán, the Afnán, the Hands of the Cause of God and His loved ones must turn. He is the expounder of the words of God and after him will succeed the first-born of his lineal descendents.	pagsasama ng dalawang supang ng Puno ng Kabanalan,—sapagkat siya ang palatandaan ng Diyos, ang piniling sanga, ang Guardian (tagapagtanggol) ng Kapakanan ng Diyos, siya na dapat balingan ng lahat ng Aghsán, ng Afnán, ng mga Hands ng Kapakanan ng Diyos at ng Kaniyang mga minamahal. Siya ang Tagapagpaliwanag ng Salita ng Diyos at pagkatapos niya ay magmamana ng tungkulin ang unang supling mula sa kaniyang tuwirang mga inapo.
The sacred and youthful branch, the Guardian of the Cause of God, as well as the Universal House of Justice, to be universally elected and established, are both under the care and protection of the Abhá Beauty, under the shelter and unerring guidance of the Exalted One (may my life be offered up for them both). Whatsoever they decide is of God. Whoso obeyeth him not, neither obeyeth them, hath not obeyed God; whoso rebelleth against him and against them hath rebelled against God; whoso opposeth him hath opposed God; whoso contendeth with them hath contended with God; whoso disputeth with him hath disputed with God; whoso denieth him hath denied God; whoso disbelieveth in him hath disbelieved in God; whoso deviateth, separateth himself and turneth aside from him hath in truth deviated, separated himself and turned aside from God. May the wrath, the fierce indignation, the vengeance of God rest upon him! The mighty stronghold shall remain impregnable and safe through obedience to him who is the Guardian of the Cause of God. It is incumbent upon the members of the House of Justice, upon all the Aghsán, the Afnán, the Hands of the Cause of God to show their obedience, submissiveness and subordination unto the Guardian of the Cause of God, to turn unto him and be lowly before him. He that opposeth him hath opposed the True One, will make a breach in the Cause of God, will subvert His Word and will become a manifestation of the Center of Sedition. Beware, beware, lest the days after the ascension (of Bahá'u'lláh) be repeated when	Ang banal at kabataang sanga, ang Guardian ng Kapakanan ng Diyos, at gayundin ang Universal House of Justice, na ihahalal at itatatag ng lahat, ay kapuwa nasa ilalim ng pangangalaga at pagtatanggol ng Kagandahan ng Abhá, sa ilalim ng kanlungan at hindi nagkakamaling patnubay Niya na Dakila (maging alay nawa ang aking buhay kapuwa para sa kanila). Anuman ang kanilang ipasiya ay galing sa Diyos. Sinuman ang hindi sumunod sa kaniya, ni hindi sumunod sa kanila, ay hindi sumunod sa Diyos; sinuman ang naghimagsik laban sa kaniya at laban sa kanila ay naghimagsik laban sa Diyos; sinuman ang sumalungat sa kaniya ay sumalungat sa Diyos; sinuman ang makipagtalo sa kanila ay nakipagtalo sa Diyos; sinuman ang lumaban sa kaniya ay lumaban sa Diyos; sinuman ang nagtakwil sa kaniya ay nagtakwil sa Diyos; sinuman ang hindi naniwala sa kaniya ay hindi naniwala sa Diyos; sinuman ang lumabag, inihiwalay ang kaniyang sarili at tumalikod sa kaniya, sa katotohanan ay lumabag, inihiwalay ang kaniyang sarili at tumalikod sa Diyos. Harinawang ang poot, ang malupit na pagkamuhi, ang higanti ng Diyos ay mapasa kaniya! Ang matatag na muog ay mananatiling hindi mabubuwag at ligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa kaniya na Guardian ng Kapakanan ng Diyos. Tungkulin ng mga kaanib ng House of Justice, ng lahat ng Aghsán, ng mga Afnán, ng mga Hands ng Kapakanan ng Diyos na ipakita ang kanilang pagtalima, pagkamasunurin at pagpapailalim sa Guardian ng Kapakanan ng Diyos, na bumaling sa

the Center of Sedition waxed haughty and rebellious and with Divine Unity for his excuse deprived himself and perturbed and poisoned others. No doubt every vainglorious one that purposeth dissension and discord will not openly declare his evil purposes, nay rather, even as impure gold, will he seize upon divers measures and various pretexts that he may separate the gathering of the people of Bahá. My object is to show that the Hands of the Cause of God must be ever watchful and so soon as they find anyone beginning to oppose and protest against the Guardian of the Cause of God, cast him out from the congregation of the people of Bahá and in no wise accept any excuse from him. How often hath grievous error been disguised in the garb of truth, that it might sow the seeds of doubt in the hearts of men!	kaniya at magpakumbaba sa kaniyang harapan. Siya na sumalungat sa kaniya ay sumasalungat sa Kaniyang Tunay, lilikha ng pagkasira sa Kapakanan ng Diyos, pasasamain ang Kaniyang Salita at magiging kahayagan ng Sentro ng Paghihimagsik. Mag-ingat, mag-ingat, na baka ang mga araw matapos ang pagyao (ni Bahá'u'lláh) ay maulit nang ang Sentro ng Paghihimagsik ay naging palalo at mapanghimagsik at ang Banal na Pagkakaisa ang kaniyang idinahilan, ay pinagkaitan ang kaniyang sarili at niligalig at nilason ang iba. Walang alinlangang ang bawat isang mapagmalaking naglalayon ng pag-aaway at hidwaan ay hindi lantarang ihahayag ang kaniyang masamang mga hangarin, sa halip, tulad ng hindi dalisay na ginto, susunggaban niya ang iba't ibang mga hakbang at magkakaibang pagkukunwari upang mapaghiwa-hiwalay niya ang nagkakatipong mga tao ni Bahá. Ang Aking pakay ay upang ipakita na ang mga Hands ng Kapakanan ng Diyos ay kinakailangang maging palagiang mapagmasid at kaagad na sa sandaling may makita silang sinumang nagsisimulang labanan at salungatin ang Guardian ng Kapakanan ng Diyos, ay palayasin siya mula sa nagkakatipong mga tao ni Bahá at huwag tatanggap ng anumang pagdadahilan mula sa kaniya. Gaano kadalas na ang malubhang pagkakamali ay itinatago sa kasuutan ng katotohanan, upang magsabog ito ng mga binhi ng pag-aalinlangan sa mga puso ng tao!
O ye beloved of the Lord! It is incumbent upon the Guardian of the Cause of God to appoint in his own life-time him that shall become his successor, that differences may not arise after his passing. He that is appointed must manifest in himself detachment from all worldly things, must be the essence of purity, must show in himself the fear of God, knowledge, wisdom and learning. Thus, should the first-born of the Guardian of the Cause of God not manifest in himself the truth of the words:—"The child is the secret essence of its sire," that is, should he not inherit of the spiritual within him (the	O kayong mga minamahal ng Panginoon! Tungkulin ng Guardian ng Kapakanan ng Diyos na hirangin habang nabubuhay siya yaong magiging tagapagmana ng tungkulin niya, upang ang mga hindi pagkakaunawaan ay hindi mangyari makalipas ang pagpanaw niya. Siyang hinirang ay dapat ipakita ng kaniyang sarili ang pagkawalay sa lahat ng makalupang bagay, dapat na maging diwa ng kadalisayan, dapat ipakita ng kaniyang sarili ang takot sa Diyos, kaalaman, karunungan, at pagkatuto. Samakatwid, kung ang unang anak ng Guardian ng Kapakanan ng Diyos ay hindi

Guardian of the Cause of God) and his glorious lineage not be matched with a goodly character, then must he, (the Guardian of the Cause of God) choose another branch to succeed him.	maipakikita sa kaniyang sarili ang katotohanan ng salitang:—“Ang anak ang lihim na diwa ng ama nito,” iyon ay, kung hindi niya namana ang pagka-espiritwal na nasa loob niya (ng Guardian ng Kapakanan ng Diyos) at ang kaniyang maluwalhating angkan na pinagmulan ay hindi mababagayan ng isang mabuting pagkatao, kung gayon, siya (ang Guardian ng Kapakanan ng Diyos) ay dapat pumili ng ibang sanga upang maging tagapagmana niya.
The Hands of the Cause of God must elect from their own number nine persons that shall at all times be occupied in the important services in the work of the Guardian of the Cause of God. The election of these nine must be carried either unanimously or by majority from the company of the Hands of the Cause of God and these, whether unanimously or by a majority vote, must give their assent to the choice of the one whom the Guardian of the Cause of God hath chosen as his successor. This assent must be given in such wise as the assenting and dissenting voices may not be distinguished (i.e., secret ballot).	Ang mga Hands ng Kapakanan ng Diyos ay nararapat maghalal mula sa kanilang sariling pangkat ng siyam na tao, na sa lahat ng oras ay abala sa mahalagang paglilingkod sa gawain ng Guardian ng Kapakanan ng Diyos. Ang paghahalal sa siyam na ito ay dapat isagawa sa pamamagitan ng nagkakaisang pasiya o ng higit na nakararami mula sa pangkat ng mga Hands ng Kapakanan ng Diyos at ang mga ito, nang nagkakaisa o nang higit na nakararaming boto, ay dapat magbigay ng kanilang pagsang-ayon sa napili ng Guardian ng Kapakanan ng Diyos na hirangin bilang tagapagmana ng tungkulin niya. Ang pagsang-ayon na ito ay dapat ibigay sa paraan na ang sumasang-ayon at hindi sumasang-ayon ay hindi makikilala (yaon ay, sa lihim na botohan).
O friends! The Hands of the Cause of God must be nominated and appointed by the Guardian of the Cause of God. All must be under his shadow and obey his command. Should any, within or without the company of the Hands of the Cause of God disobey and seek division, the wrath of God and His vengeance will be upon him, for he will have caused a breach in the true Faith of God.	O mga kaibigan! Ang mga Hands ng Kapakanan ng Diyos ay dapat na imungkahi at hirangin ng Guardian ng Kapakanan ng Diyos. Ang lahat ay dapat na sumailalim sa kaniyang anino at sumunod sa kaniyang utos. Sinuman, sa loob o labas ng pangkat ng Hands ng Kapakanan ng Diyos, ang hindi sumunod o maghangad ng pagwawatak-watak, ang poot ng Diyos at ang Kaniyang paghihiganti ay mapapasa-kaniya, sapagkat siya ang magiging dahilan ng pagkawasak ng tunay na Pananampalataya ng Diyos.
The obligations of the Hands of the Cause of God are to diffuse the Divine Fragrances, to edify the souls of men, to promote learning, to improve the character of all men and to be, at all times and under all conditions, sanctified	Ang mga tungkulin ng mga Hands ng Kapakanan ng Diyos ay ang palaganapin ang mga Banal na Halimuyak, ang turuan ng kabutihan ang mga kaluluwa ng tao, ang itaguyod ang karunungan, ang pabutihin ang

and detached from earthly things. They must manifest the fear of God by their conduct, their manners, their deeds and their words.	ugali ng lahat ng tao, at sa lahat ng oras at sa anumang kalagayan, ay maging banal at nakawalay sa lahat ng makalupang bagay. Nararapat nilang ipakita ang takot sa Diyos sa pamamagitan ng kanilang ugali, ng kanilang mga asal, ng kanilang mga gawa at ng kanilang mga salita.
This body of the Hands of the Cause of God is under the direction of the Guardian of the Cause of God. He must continually urge them to strive and endeavor to the utmost of their ability to diffuse the sweet savors of God, and to guide all the peoples of the world, for it is the light of Divine Guidance that causeth all the universe to be illumined. To disregard, though it be for a moment, this absolute command which is binding upon everyone, is in no wise permitted, that the existent world may become even as the Abhá Paradise, that the surface of the earth may become heavenly, that contention and conflict amidst peoples, kindreds, nations and governments may disappear, that all the dwellers on earth may become one people and one race, that the world may become even as one home. Should differences arise, they shall be amicably and conclusively settled by the Supreme Tribunal, that shall include members from all the governments and peoples of the world.	Ang lupon na ito ng mga Hands ng Kapakanan ng Diyos ay nasa ilalim ng pamamatnugot ng Guardian ng Kapakanan ng Diyos. Nararapat niyang patuloy na himukin sila na sukdulang magpunyagi sa abot ng kanilang kakayahan upang palaganapin ang kalugod-lugod na mga halimuyak ng Diyos, at patnubayan ang lahat ng mga tao ng daigdig, sapagkat ang liwanag ng Banal na Patnubay ang dahilan upang magliwanag ang buong santinakpan. Ang ipagwalang-bahala, kahit sa isang saglit lamang, ang hindi mapasusubaliang utos na ito na tungkulin ng lahat, ay mahigpit na hindi pinahihintulutan, upang ang kasalukuyang daigdig ay maging tulad ng Paraiso ng Abhá, upang ang balat ng lupa ay maging makalangit, upang ang pagtatalo at salungatan sa pagitan ng mga tao, mga kaanak, mga bansa at mga pamahalaan ay mapawi, upang ang lahat ng mamamayan ng daigdig ay maging iisang sambayanan at iisang lahi, upang ang daigdig ay maging tulad ng iisang tahanan. Kung magkakaroon ng mga di-pagkakaaunawaan, ang mga iyon ay nararapat na mapayapa at pangwakas na pagpasiyahan ng Kataas-taasang Hukuman, na ang mga kasapi ay mula sa lahat ng pamahalaan at mga tao ng daigdig.
O ye beloved of the Lord! In this sacred Dispensation, conflict and contention are in no wise permitted. Every aggressor deprives himself of God's grace. It is incumbent upon everyone to show the utmost love, rectitude of conduct, straightforwardness and sincere kindness unto all the peoples and kindreds of the world, be they friends or strangers. So intense must be the spirit of love and loving kindness, that the stranger may find himself a friend, the enemy a true brother, no difference whatsoever existing between them. For	O kayong minamahal ng Panginoon! Sa banal na Dispensasyong ito, ang pag-aaway at pagtatalo ay hindi sa anumang dahilan pinahihintulutan. Ang bawat mang-aaway ay pinagkakaitan ang kaniyang sarili ng biyaya ng Diyos. Tungkulin ng bawat isa ang magpakita ng sukdulang pagmamahal, matwid na ugali, matapat at tunay na kagandahang-loob sa lahat ng tao at mga angkan ng daigdig, maging sila ay mga kaibigan o hindi kakilala. Nararapat na lubhang masidhi ang espiritu ng pag-ibig at mapagmahal na kagandahang-loob, na

universality is of God and all limitations earthly. Thus man must strive that his reality may manifest virtues and perfections, the light whereof may shine upon everyone. The light of the sun shineth upon all the world and the merciful showers of Divine Providence fall upon all peoples. The vivifying breeze reviveth every living creature and all beings endued with life obtain their share and portion at His heavenly board. In like manner, the affections and loving kindness of the servants of the One True God must be bountifully and universally extended to all mankind. Regarding this, restrictions and limitations are in no wise permitted.	matatagpuan ng hindi kakilala ang kaniyang sarili ng isang kaibigan, ang kaaway ng isang tunay na kapatid, na walang anumang hidwaan ang namamagitan sa kanila. Sapagkat ang pagka-pangkalahatan ay mula sa Diyos at lahat ng mga may hangganan ay makalupa. Kung gayon, nararapat na magsikap ang tao upang ang kaniyang realidad ay maghayag ng mga katangian at mga kaganapan, upang ang liwanag nito ay magingning sa lahat. Ang liwanag ng araw ay sumisikat sa lahat sa buong daigdig at ang mahabaging mga ambon ng Banal na Kalinga ay pumapatak sa lahat ng tao. Ang nagbibigay-buhay na simoy ay muling binubuhay ang bawat nabubuhay na nilikha at lahat ng nilalang na pinagkalooban ng buhay ay kumukuha ng kanilang bahagi at kaparte sa Kaniyang makalangit na hapag. Sa gayunding gawi, ang mga kabutihan at mapagmahal na kagandahang-loob ng mga tagapaglingkod ng Iisang Tunay na Diyos ay dapat na masagana at pangkalahatang maibigay sa buong sangkatauhan. Tungkol dito, ang mga pagbabawal at pagtatakda ay hindi sa anumang dahilan pinahihintulutan.
Wherefore, O my loving friends! Consort with all the peoples, kindreds and religions of the world with the utmost truthfulness, uprightness, faithfulness, kindness, good-will and friendliness, that all the world of being may be filled with the holy ecstasy of the grace of Bahá, that ignorance, enmity, hate and rancor may vanish from the world and the darkness of estrangement amidst the peoples and kindreds of the world may give way to the Light of Unity. Should other peoples and nations be unfaithful to you show your fidelity unto them, should they be unjust toward you show justice towards them, should they keep aloof from you attract them to yourselves, should they show their enmity be friendly towards them, should they poison your lives, sweeten their souls, should they inflict a wound upon you, be a salve to their sores. Such are the attributes of the sincere! Such are the attributes of the truthful.	Kaya, O aking mapagmahal na mga kaibigan! Makisama sa lahat ng mga sambayanan, mga angkan at mga relihiyon sa daigdig nang may sukdulang pagkamakatotohanan, pagkamatwid, katapatan, kagandahang-loob, naghahangad ng kabutihan at pakikipag-kaibigan, upang ang buong daigdig ng sangkatauhan ay lubos na malipos ng banal na kaligayahan sa pagpapala ni Bahá, upang ang kamangmangan, awayan, poot at matinding sama ng loob ay maglaho sa daigdig at ang karimlan ng paghihiwalay sa pagitan ng mga tao at mga kaanak ng daigdig ay magbigay-daan sa Liwanag ng Pagkakaisa. Kung ang ibang mga sambayanan at mga bansa ay hindi maging matapat sa inyo ipakita ang inyong katapatan sa kanila, kung sila ay maging hindi makatarungan sa inyo magpakita kayo ng katarungan sa kanila, kung sila ay lumayo sa inyo akitin ninyo sila sa inyong sarili, kung magpakita sila ng pagkapoot maging magiliw sa kanila, kung lasunin nila

	ang inyong mga buhay, patamisin ang kanilang mga kaluluwa, kung sugatan nila kayo, maging panlunas sa kanilang mga pagdaramdam. Ganyan ang mga katangian ng matatapat. <u>Ganyan ang mga katangian ng makatotohanan.</u>
And now, concerning the House of Justice which God hath ordained as the source of all good and freed from all error, it must be elected by universal suffrage, that is, by the believers. Its members must be manifestations of the fear of God and daysprings of knowledge and understanding, must be steadfast in God's faith and the well-wishers of all mankind. By this House is meant the Universal House of Justice, that is, in all countries a secondary House of Justice must be instituted, and these secondary Houses of Justice must elect the members of the Universal one. Unto this body all things must be referred. It enacteth all ordinances and regulations that are not to be found in the explicit Holy Text. By this body all the difficult problems are to be resolved and the Guardian of the Cause of God is its sacred head and the distinguished member for life of that body. Should he not attend in person its deliberations, he must appoint one to represent him. Should any of the members commit a sin, injurious to the common weal, the Guardian of the Cause of God hath at his own discretion the right to expel him, whereupon the people must elect another one in his stead. This House of Justice enacteth the laws and the government enforceth them. The legislative body must reinforce the executive, the executive must aid and assist the legislative body so that through the close union and harmony of these two forces, the foundation of fairness and justice may become firm and strong, that all the regions of the world may become even as Paradise itself.	At ngayon, tungkol sa House of Justice na itinadhana ng Diyos na pagmumulan ng lahat ng kabutihan at ligtas sa lahat ng pagkakamali, ito ay dapat ihalal sa pamamagitan ng pangkalahatang botohan, iyon ay ng mga mananampalataya. Ang mga kaanib nito ay nararapat na maging mga kahayagan ng takot sa Diyos at pinamimitakan ng kaalaman at pagka-unawa, nararapat na maging matatag sa pananampalataya ng Diyos at naghahangad ng kabutihan sa buong sangkatauhan. Ang tinutukoy ng House na ito ay ang Universal House of Justice, iyon ay, sa lahat ng bansa isang sekundaryong House of Justice ang dapat itatag, at itong mga sekundaryong House of Justice ang dapat maghalal sa mga kasapi noong Universal. Sa lupon na ito nararapat na isangguni ang lahat ng bagay. Ito ang nagsasabatas ng lahat ng mga ordenansa at mga reglamento na hindi matatagpuan sa hayag na Banal na Kasulatan. Sa pamamagitan ng lupon na ito ang lahat ng mahirap na mga suliranin ay lulutasin at ang Guardian ng Kapakanan ng Diyos ay ang banal na pinuno nito at habang-buhay na dakilang kaanib ng lupon na ito. Kung hindi siya makadadalo nang personal sa mga pagpupulong nito, dapat siyang pumili ng isang kinatawan niya. Kung sinuman sa mga kaanib ang gumawa ng kasalanan, na makapipinsala sa kabutihan ng lahat, ang Guardian ng Kapakanan ng Diyos ay may karapatan, sa kaniyang sariling kapasiyahan na itiwag siya, na pagkatapos niyon ay dapat maghalal ang mga tao ng kahalili niya. Ang House of Justice na ito ang gumagawa ng mga batas at ang pamahalaan ang nagpapatupad ng mga iyon. Nararapat palakasin ng lupong pambatas ang tagapagpaganap, ang tagapagpaganap ay nararapat tulungan at tangkilikin ang lupong pambatas upang sa pamamagitan ng malapit na

	pagkakaisa at pagkakasundo ng dalawang lakas na ito, ang saligan ng walang kinikilingan at ng katarungan ay maging matatag at malakas, upang ang lahat ng dako ng daigdig ay maging katulad ng Paraiso mismo.”
O Lord, my God! Assist Thy loved ones to be firm in Thy Faith, to walk in Thy ways, to be steadfast in Thy Cause. Give them Thy grace to withstand the onslaught of self and passion, to follow the light of Divine Guidance. Thou art the Powerful, the Gracious, the Self-Subsisting, the Bestower, the Compassionate, the Almighty, the All-Bountiful.	O Panginoong kong Diyos! Tulungan Mo ang Iyong mga minamahal na maging matatag sa Iyong Pananampalataya, na makapanunton sa Iyong mga landas, na makapanatili sa Iyong Kapakanan. Ipagkaloob Mo sa kanila ang Iyong biyaya upang mapaglabanan nila ang udyok ng sarili at kapusukan, upang masundan ang liwanag ng Banal na Pamamatnubay. Ikaw ang Malakas, ang Mapagbigay-biyaya, ang Sariling-Ganap, ang Tagapagkaloob, ang Mahabagin, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Mapagpala.
O friends of ‘Abdu’l-Bahá! The Lord, as a sign of His infinite bounties, hath graciously favored His servants by providing for a fixed money offering (Huqúq), to be dutifully presented unto Him, though He, the True One and His servants have been at all times independent of all created things, and God verily is the All-Possessing, exalted above the need of any gift from His creatures. This fixed money offering, however, causeth the people to become firm and steadfast and draweth Divine increase upon them. It is to be offered through the Guardian of the Cause of God, that it may be expended for the diffusion of the Fragrances of God and the exaltation of His Word, for benevolent pursuits and for the common weal.	O mga kaibigan ni ‘Abdu’l-Bahá! Ang Panginoon, bilang isang tanda ng Kaniyang walang-hanggang mga biyaya, ay mapagpalang tinangkilik ang Kaniyang mga tagapaglingkod sa pamamagitan ng pagtatakda ng isang tiyak na halaga ng salapi bilang alay (Huqúq), na masunuring dapat ihandog sa Kaniya, kahimam Siya, ang Tunay, at ang Kaniyang mga tagapaglingkod, sa lahat ng panahon ay hindi umaasa sa lahat ng nilalang na bagay, at ang Diyos sa katunayan ang Nagmamay-ari ng Lahat, higit na nakatataas sa pangangailangan ng anumang mga handog mula sa Kaniyang mga nilalang. Ang takdang alay na salapi, gayumpaman, ay ginagawa ang mga tao na maging matibay at matatag at umaakit ng Dibinong pagyabong para sa kanila. Ito ay iaalay lamang sa pamamagitan ng Guardian ng Kapakanan ng Diyos, upang maigugol ito sa pagpapalaganap ng mga Halimuyak ng Diyos at sa pagdadakila sa Kaniyang Salita, para sa gawaing pangkawanggawa at sa kabutihan ng lahat.
O ye beloved of the Lord! It is incumbent upon you to be submissive to all monarchs that are just and to show your fidelity to every righteous king. Serve ye the sovereigns of the world with utmost truthfulness and loyalty. Show obedience unto them and be their	O kayong minamahal ng Panginoon! Tungkulin ninyong maging masunurin sa lahat ng mga haring makatarungan at ipakita ang inyong katapatan sa bawat matuwid na hari. Paglingkuran ninyo ang mga hari ng daigdig nang may sukdulang katotohanan at katapatan.

well-wishers. Without their leave and permission do not meddle with political affairs, for disloyalty to the just sovereign is disloyalty to God Himself.	Ipakita ang pagsunod ninyo sa kanila at maging tagapagtaguyod ng kabutihan nila. Kung wala silang pahintulot huwag makialam sa mga gawaing pampulitika, sapagkat ang pagtataksil sa makatarungang hari ay pagtataksil sa Diyos Mismo.
This is my counsel and the commandment of God unto you. Well is it with them that act accordingly.	Ito ang aking payo at ang utos ng Diyos sa inyo. Kabutihan ang mapapasa kanilang kikilos nang naaalinsunod.
<i>(This written paper hath for a long time been preserved under ground, damp having affected it. When brought forth to the light it was observed that certain parts of it were injured by the damp, and the Holy Land being sorely agitated it was left untouched.)</i>	(Ang papel ng kasulatang ito ay itinago nang matagal na panahon sa ilalim ng lupa, nakasama rito ang halumigmig. Nang ilabas sa liwanag, napansing ang ilang bahagi nito ay nasira ng halumigmig at yamang ang Banal na Lupain ay nasa matinding kaligaligan, iniwanan itong hindi ginagalaw.)
Part Two	Ikalawang Bahagi
He Is God	Siya ang Diyos!
O my Lord, my heart's Desire, Thou Whom I ever invoke, Thou Who art my Aider and my Shelter, my Helper and my Refuge! Thou seest me submerged in an ocean of calamities that overwhelm the soul, of afflictions that oppress the heart, of woes that disperse Thy gathering, of ills and pains that scatter Thy flock. Sore trials have compassed me round and perils have from all sides beset me. Thou seest me immersed in a sea of unsurpassed tribulation, sunk into a fathomless abyss, afflicted by mine enemies and consumed with the flame of their hate, enkindled by my kinsmen with whom Thou didst make Thy strong Covenant and Thy firm Testament, wherein Thou biddest them turn their hearts to this wronged one, to keep away from me the foolish, the unjust, and refer unto this lonely one all that about which they differ in Thy Holy Book, so that the Truth may be revealed unto them, their doubts may be	O aking Panginoon, ang Mithiin ng aking puso, Ikaw na aking laging tinatawagan, Ikaw na aking Saklolo at aking Kanlungan, ang aking Tagatangkilik at aking Kublihan! Iyong nakikita akong nakalubog sa karagatan ng mga kapahamakan na nakapupuspos sa kaluluwa, ng mga dalamhating sumisiil sa puso, ng mga kasawiang pinagwawatak-watak ang Iyong kalipunan, ng mga pasakit at kirot na pinaghihiwa-hiwalay ang Iyong kawan. Ang matinding mga pagsubok ay pumalibot sa akin at ang mga panganib mula sa lahat ng panig ay kumubkob sa akin. Iyong nakikita akong nakalubog sa isang karagatan ng hindi mahihigitang paghihirap, at nakabaon sa hindi matarok na kalaliman, binigyang-hapis ng aking mga kaaway at nilamon ng apoy ng kanilang pagkamuhi, na pinagningas ng aking mga kamag-anak na sa kanila Ikaw ay gumawa ng Iyong malakas na Kasunduan at ng Iyong matibay na Testamento, na kung saan Iyong

dispelled and Thy manifest Signs be spread abroad.	inutusan silang ibaling ang kanilang mga puso sa pinagkasalahang ito, na ilayo sa akin ang mga hangal, ang hindi makatarungan, at isangguni sa nag-iisang ito ang lahat ng hindi nila nauunawaan sa Iyong Banal na Aklat, upang ang Katotohanan ay maihayag sa kanila, ang kanilang mga alinlangan ay maiwaksi at ang Iyong maliwanag na mga Palatandaan ay maipalaganap sa ibayong dako.
Yet now Thou seest them, O Lord, my God! with Thine eye that sleepeth not, how that they have broken Thy Covenant and turned their backs thereon, how with hate and rebelliousness they have erred from Thy Testament and have arisen intent upon malice.	Ngunit ngayon, nakikita Mo sila, O Panginoon, aking Diyos! sa pamamagitan ng Iyong mga matang hindi natutulog, kung paano silang lumabag sa Iyong Kasunduan at tinalikuran nila ito, kung paanong nang may pagkamuhi at paghihimagsik ay lumihis sila sa Iyong Testamento at nagbangon nang naglalayon ng masama.
Adversities have waxed still more severe as they rose with unbearable cruelty to overpower and crush me, as they scattered far and wide their scrolls of doubt and in utter falsehood hurled their calumnies upon me. Not content with this, their chief, O my God, hath dared to interpolate Thy Book, to fraudulently alter Thy decisive Holy Text and falsify that which hath been revealed by Thy All-Glorious Pen. He did also maliciously insert that which Thou didst reveal for the one that hath wrought the most glaring cruelty upon Thee, disbelieved in Thee and denied Thy wondrous Signs, into what Thou didst reveal for this servant of Thine that hath been wronged in this world. All this he did that he might beguile the souls of men and breathe his evil whisperings into the hearts of Thy devoted ones. Thereunto did their second chief testify, confessing it in his own handwriting, setting thereupon his seal and spreading it throughout all regions. O my God! Could there be a more grievous injustice than this? And still they rested not, but further strove with stubbornness, falsehood and slander, with scorn and calumny to stir up sedition in the midst of the government of this land and elsewhere, causing them to deem me a sower of sedition and filling the minds with things that the ear abhorreth to hear. The	Ang mga paghihirap ay lalo pang lumala nang sila ay magbangon nang may hindi mabatang kalupitan upang magapi at malupig ako, habang laganap nilang ikinalat ang kanilang mga pergamino ng pag-aalinlangan at nang may ganap na kasinungalingan ay ipinukol ang kanilang mga paninirang-puri sa akin. Hindi pa nasiyahan dito, ang kanilang pinuno, O aking Diyos, ay nagtangka pang dagdagan ang Iyong Aklat, mapanlinlang na binago ang Iyong maliwanag na Banal na Kasulatan at ginawang huwad yaong naihayag na ng Iyong Lubos na Maluwalhating Panulat. Nang may masamang hangarin kaniya ring isiningit yaong Iyong inihayag para roon sa kaniya na gumawa ng pinakamaliwanag na kalupitan sa Iyo, hindi naniwala sa Iyo at itinatuwa ang Iyong kahanga-hangang mga Palatandaan, doon sa Iyong inihayag para sa Iyong tagapaglingkod na ito na pinagkasalahan sa daigdig na ito. Lahat ng ito ay ginawa niya upang malinlang ang mga kaluluwa ng tao at iHINGA ang kaniyang masamang mga bulong sa mga puso ng matapat na mga nananalig sa Iyo. Sumaksi rito ang kanilang pangalawang pinuno, inamin ito sa kaniyang sariling sulat-kamay, inilagay ang kaniyang tatak at ikinalat ito sa lahat ng dako. O aking Diyos! May higit pa bang malupit na kawalan ng katarungan kaysa rito?

government was thus alarmed, fear fell upon the sovereign, and the suspicion of the nobility was aroused. Minds were troubled, affairs were upset, souls were perturbed, the fire of anguish and sorrow was kindled within the breasts, the Holy Leaves (of the Household) were convulsed and shaken, their eyes rained with tears, their sighs and lamentations were raised and their hearts burned within them as they bewailed this wronged servant of Thine, fallen a victim into the hands of these, his kindred, nay, his very enemies!	At sila ay hindi pa tumigil, ngunit lalo pang pinag-ibayo nang buong kasutilan, kasinungalingan at paninirang-puri, nang buong pangungutya at paglilibak, upang magpakilos ng paghihimagsik sa gitna ng pamahalaan ng lupaing ito at sa ibang dako, na naging dahilan upang ituring nilang nagtatanim ako ng kataksilan at pinupuno ang mga isipan ng mga bagay na kinasusuklamang mapakinggan ng tainga. Ang pamahalaan samakatwid ay nangamba, nakaramdam ng takot ang hari, at ang paghihinala ng mga maharlika ay ginising. Ang mga isipan ay natigatig, ang mga gawain ay nagulo, ang mga kaluluwa ay naligalig, ang apoy ng dalamhati at pighati ay nagingas sa loob ng mga dibdib, ang mga Banal na Dahon (ng Sambahayan) ay nanginig at nangatal, luha ay pumatak na parang ulan mula sa kanilang mga mata, ang kanilang mga buntong-hininga at panaghoy ay lumakas at ang kanilang mga puso ay naglagablab sa loob nila habang tinatangisan nila ang Iyong pinagkasalahang tagapaglingkod na ito, na naging isang biktima ng mga kamay nito, ng kaniyang mga kaanak, hindi lamang iyon, kundi ang kaniyang mismong mga kaaway!
Lord! Thou seest all things weeping me, and my kindred rejoicing in my woes. By Thy Glory, O my God! Even amongst mine enemies, some have lamented my troubles and my distress, and of the envious ones a number have shed tears because of my cares, my exile and my afflictions. They did this because they found naught in me but affection and care and witnessed naught but kindness and mercy. As they saw me swept into the flood of tribulation and adversity and exposed even as a target to the arrows of fate, their hearts were moved with compassion, tears came to their eyes and they testified declaring:—"The Lord is our witness; naught have we seen from him but faithfulness, generosity and extreme compassion." The Covenant-breakers, foreboders of evil, however, waxed fiercer in their rancor, rejoiced as I fell a victim to the	Panginoon! Iyong nakikitang tinatangisan ako ng lahat ng bagay at ang aking mga kamag-anakan ay nagsasaya sa aking paghihirap. Saksi ang Iyong kaluwalhatian, O aking Diyos! Kahit na sa aking mga kaaway, ang ilan ay nagdalamhati sa aking mga paghihirap at sa aking kasawiang-palad, at doon sa mga nananaghili ang ilan ay lumuha dahilan sa aking mga alalahanin, sa pagkakatapon sa akin, at sa aking mga paghihirap. Ginawa nila ito dahilan sa wala silang nakita sa akin kundi pagmamahal at pangangalaga at walang nasaksihan kundi kagandang-loob at habag. Nang makita nilang tinangay ako ng baha ng pagdurusa at paghihirap at nalantad bilang isang tudlaan ng mga palaso ng kapalaran, ang kanilang mga puso ay natinag ng pagmamalasakit, ang mga luha ay dumating sa kanilang mga mata at sila

most grievous ordeal, bestirred themselves against me and made merry over the heartrending happenings around me.	ay nagpatunay sa pagpapahayag ng: — “Ang Panginoon ang aming saksi, wala kaming nakita sa kaniya kundi katapatan, kagandahang-loob at sukdulang pagmamahal.” Ang mga lumabag sa Kasundan, ang mga nagbabala ng kasamaan, gayumpaman, ay lalong naging mabangis sa kanilang matinding poot, nagdiwang nang ako ay maging biktima ng pinakamalupit na paghihirap, kumilos sila laban sa akin at nagsaya sa makabagbag-pusong mga nangyari sa aking paligid.
I call upon Thee, O Lord my God! with my tongue and with all my heart, not to requite them for their cruelty and their wrong-doings, their craft and their mischief, for they are foolish and ignoble and know not what they do. They discern not good from evil, neither do they distinguish right from wrong, nor justice from injustice. They follow their own desires and walk in the footsteps of the most imperfect and foolish amongst them. O my Lord! Have mercy upon them, shield them from all afflictions in these troubled times and grant that all trials and hardships may be the lot of this Thy servant that hath fallen into this darksome pit. Single me out for every woe and make me a sacrifice for all Thy loved ones. O Lord, Most High! May my soul, my life, my being, my spirit, my all be offered up for them. O God, my God! Lowly, suppliant and fallen upon my face, I beseech Thee with all the ardor of my invocation to pardon whosoever hath hurt me, forgive him that hath conspired against me and offended me, and wash away the misdeeds of them that have wrought injustice upon me. Vouchsafe unto them Thy goodly gifts, give them joy, relieve them from sorrow, grant them peace and prosperity, give them Thy bliss and pour upon them Thy bounty.	Nananawagan ako sa Iyo, O Panginoon aking Diyos! sa pamamagitan ng aking dila at nang buong puso ko, na huwag silang paghigantihan dahilan sa kanilang kalupitan at sa kanilang mga pagkakamali, sa kanilang katusuhan at kanilang kasamaan, sapagkat sila ay mga hangal at imbi at hindi nalalaman ang kanilang ginagawa. Hindi nila nababatid ang tama sa mali, ni hindi nila nakikilala ang katarungan mula sa kawalan ng katarungan. Sinusunod nila ang kanilang sariling mga hangarin at tinatahak ang mga bakas ng pinaka-mali at walang-bait sa kanila. O aking Panginoon, kahabagan sila, ipagsanggalang sila mula sa mga paghihirap sa mga panahong ito ng kaguluhan at hayaang ang lahat ng mga pagsubok at mga pagdurusa ay akuin nitong Iyong tagapaglingkod na bumagsak sa madilim na hukay na ito. Itangi ako sa bawat pagdurusa at gawin akong alay para sa lahat ng Iyong mga minamahal, O Panginoon, ang Pinakamataas! Harinawang ang aking kaluluwa, ang aking buhay, ang aking katauhan, ang aking espiritu, ang lahat ng nasa akin ay maging alay para sa kanila. O Diyos, aking Diyos! Hamak, nagmamakaawa at nagpapatirapa, isinasamo ko sa Iyo nang buong alab ng aking panalangin na patawarin ang sinumang nakasakit sa akin, patawarin siya na nakipagsabwatan laban sa akin, at nakasugat ng aking damdamin, at pawiin ang mga kasalanan nilang gumawa ng hindi makatarungan sa akin. Marapatin para sa kanila ang Iyong kalugod-lugod na mga

	handog, bigyan sila ng kaligayahan, iligtas sila sa pighati, pagkalooban sila ng kapayapaan at kasaganaan, ibigay sa kanila ang Iyong lubos na kaligayahan at ibuhos sa kanila ang Iyong pagpapala.
Thou art the Powerful, the Gracious, the Help in Peril, the Self-Subsisting!	Ikaw ang Makapangyarihan, ang Mapagpala, ang Tulong sa Panganib, at ang Sariling-Ganap!
O dearly beloved friends! I am now in very great danger and the hope of even an hour's life is lost to me. I am thus constrained to write these lines for the protection of the Cause of God, the preservation of His Law, the safeguarding of His Word and the safety of His Teachings. By the Ancient Beauty! This wronged one hath in no wise borne nor doth he bear a grudge against any one; towards none doth he entertain any ill-feeling and uttereth no word save for the good of the world. My supreme obligation, however, of necessity, prompteth me to guard and preserve the Cause of God. Thus, with the greatest regret, I counsel you saying: Guard ye the Cause of God, protect His law and have the utmost fear of discord. This is the foundation of the belief of the people of Bahá (may my life be offered up for them): "His Holiness, the Exalted One (the Báb), is the Manifestation of the Unity and Oneness of God and the Forerunner of the Ancient Beauty. His Holiness the Abhá Beauty (may my life be a sacrifice for His steadfast friends) is the Supreme Manifestation of God and the Dayspring of His Most Divine Essence. All others are servants unto Him and do His bidding." Unto the Most Holy Book every one must turn and all that is not expressly recorded therein must be referred to the Universal House of Justice. That which this body, whether unanimously or by a majority doth carry, that is verily the Truth and the Purpose of God Himself. Whoso doth deviate therefrom is verily of them that love discord, hath shown forth malice and turned away from the Lord of the Covenant. By this House is meant that Universal House of Justice which is to be elected from all countries, that is from those	O pinakamamahal na mga kaibigan! Ako ngayon ay nasa napakalubhang panganib at nawala na sa akin ang pag-asang mabuhay nang kahit isang oras. Sa gayon, napilitan akong isulat ang mga pangungusap na ito para sa pagtatanggol ng Kapakanan ng Diyos, sa pagpapanatili ng Kaniyang Batas, sa pangangalaga sa Kaniyang Salita at sa kaligtasan ng Kaniyang mga Turo. Saksi ang Napakatandang Kagandahan! Ang pinagkasalahang ito ay hindi nagkimkim o nagtanim ng poot sa kaninuman, siya ay hindi nag-isip ng anumang sama ng loob sa kaninuman at hindi sumambit ng anumang salita liban sa ikabubuti ng daigdig. Ang sukdulang tungkulin ko, gayumpaman, dahilan sa pangangailangan, ang nag-udyok sa akin upang pangalagaan at ingatan ang Kapakanan ng Diyos. Kung gayon, nang may lubos na kalungkutan, nagpapayo ako sa inyo at nagsasabi: Pangalagaan ninyo ang Kapakanan ng Diyos, ipagtanggol ang Kaniyang batas at magkaroon ng ganap na takot sa hidwaan. Ito ang saligan ng pananalig ng mga tao ni Bahá (maging alay nawa ang buhay ko para sa kanila). 'Ang Kaniyang Kabanalan, Siyang Dakila (ang Báb) ay ang Kahayagan ng Pagkakaisa at Kaisahan ng Diyos at ang Tagapauna ng Napakatandang Kagandahan. Ang Kaniyang Kabanalan ang Kagandahan ng Abhá (maging alay nawa ang aking buhay para sa Kaniyang matatag na mga kaibigan) ay ang Pinakadakilang Kahayagan ng Diyos at ang Pamimitak ng Kaniyang Pinakabanal na Diwa. Lahat ng iba ay mga tagapaglingkod Niya at sinusunod ang ipinag-uutos Niya.' Sa Pinakabanal na Aklat ang lahat ay dapat bumaling, at lahat ng hindi tiyak na ipinahayag

parts in the East and West where the loved ones are to be found, after the manner of the customary elections in Western countries such as those of England.	doon ay dapat isangguni sa Universal House of Justice. Yaong ipinasiya ng lupon na ito, kahiman ng buong pagkakaisa o ng nakararami, sa katunayan iyon ay ang katotohanan at ang layunin ng Diyos Mismo. Sinuman ang lumabag doon ay tunay na kasama nilang nagnanais ng hindi pagkakasundo, nagpakita ng masamang hangarin, at bumaling palayo mula sa Panginoong ng Kasunduan. Ang ibig sabihin ng House na ito ay ang Universal House of Justice na ihahalal mula sa lahat ng bansa, yaon ay, mula sa mga lugar ng Silangan at Kanluran kung saan matatagpuan ang mga minamahal, katulad ng pamamaraan ng halalan sa mga bansa ng Kanluran tulad noong sa Inglatera.
It is incumbent upon these members (of the Universal House of Justice) to gather in a certain place and deliberate upon all problems which have caused difference, questions that are obscure and matters that are not expressly recorded in the Book. Whatsoever they decide has the same effect as the Text itself. And inasmuch as this House of Justice hath power to enact laws that are not expressly recorded in the Book and bear upon daily transactions, so also it hath power to repeal the same. Thus for example, the House of Justice enacteth today a certain law and enforceth it, and a hundred years hence, circumstances having profoundly changed and the conditions having altered, another House of Justice will then have power, according to the exigencies of the time, to alter that law. This it can do because that law formeth no part of the Divine Explicit Text. The House of Justice is both the initiator and the abrogator of its own laws.	Tungkulin ng mga kaanib nito (ng Universal House of Justice) na magtipon sa isang pook at masusing pag-usapan ang lahat ng mga suliraning naging sanhi ng hindi pagkakasundo, ng mga katanungang malabo at ng mga bagay na hindi tiyak na ipinahayag sa Aklat. Anuman ang kanilang ipasiya ay ganoon din ang bisa tulad ng Kasulatan mismo. Yayamang ang House of Justice ay may kapangyarihang magsagawa ng mga batas na hindi tiyak na ipinahayag sa Aklat at may kinalaman sa pang-araw-araw na mga gawain, gayundin ay may kapangyarihan itong pawalang-bisa ang mga iyon. Samakatwid, halimbawa, ang House of Justice ay gumawa ng isang batas ngayon at pinairal ito, at pagkalipas ng sandaang taon, ang mga katayuan ay may malaking pagkakaiba na at ang mga kalagayan ay nagbago, ang ibang House of Justice sa panahong iyon ay may kapangyarihan, sang-ayon sa mga pangangailangan ng panahong iyon, na baguhin ang batas na iyon. Ito ay magagawa nito dahil sa ang batas na iyon ay hindi bahagi ng tiyak na banal na Kasulatan. Ang House of Justice ay kapuwa ang nagsasabatas at ang nagpapawalang-bisa ng sariling mga batas nito.

And now, one of the greatest and most fundamental principles of the Cause of God is to shun and avoid entirely the Covenant-breakers, for they will utterly destroy the Cause of God, exterminate His Law and render of no account all efforts exerted in the past. O friends! It behooveth you to call to mind with tenderness the trials of His Holiness, the Exalted One, and show your fidelity to the Ever-Blest Beauty. The utmost endeavor must be exerted lest all these woes, trials and afflictions, all this pure and sacred blood that hath been shed so profusely in the Path of God, may prove to be in vain. Ye know well what the hands of the Center of Sedition, Mírzá Muḥammad ‘Alí, and his associates have wrought. Among his doings, one of them is the corruption of the Sacred Text whereof ye are all aware, the Lord be praised, and know that it is evident, proven and confirmed by the testimony of his brother, Mírzá Badi‘u’lláh, whose confession is written in his own handwriting, beareth his seal, is printed and spread abroad. This is but one of his misdeeds. Can a transgression be imagined more glaring than this, the interpolation of the Holy Text? Nay, by the righteousness of the Lord! His transgressions are writ and recorded in a leaflet by itself. Please God, ye will peruse it.	At ngayon, ang isa sa pinakamahalaga at pangunahing simulain ng Kapakanan ng Diyos ay ang paglayo at ganap na pag-iwas sa mga lumabag sa Kasunduan, sapagkat lubos nilang wawasakin ang Kapakanan ng Diyos, pupuksain ang Kaniyang Batas at gagawing walang halaga ang lahat ng mga pagpupunyagi na pinagsikapan noong nakaraan. O mga kaibigan! Tungkulin ninyong gunitain nang may ganap na pagmamahal ang mga pagsubok ng Kaniyang Kabanalan, Siyang Dakila, at ipakita ang inyong katapatan sa Laging Pinagpalang Kagandahan. Ang sukdulang pagpupunyagi ay nararapat pagsikapan na baka ang lahat ng mga dalamhating ito, mga pagsubok at mga paghihirap, ang lahat ng dalisay at banal na dugo na pinadanak nang masagana sa Landas ng Diyos ay mawalan ng halaga. Alam na alam ninyo kung ano ang ginawa ng mga kamay ng Sentro ng Katakasilan, si Mírzá Muḥammad ‘Alí, at ng kaniyang mga kasamahan. Sa kaniyang mga ginawa, isa roon ay ang pagpapasama sa Banal na Kasulatan na nababatid ninyong lahat, purihin ang Panginoon, at alam na iyon ay maliwanag, pinatotohanan at pinatunayan ng salaysay ng kaniyang kapatid, si Mírzá Badi‘u’lláh, na ang pagtatapat ay nasusulat sa kaniyang sariling sulat-kamay, taglay ang kaniyang tatak, nailathala at ikinalat sa ibang lupain. Ito ay isa lamang sa kaniyang mga maling ginawa. May maisip pa bang kasalanan na higit na malinaw pa kaysa rito, ang pagdaragdag sa Banal na Kasulatan? Wala, saksi ang pagkamakatarungan ng Panginoon! Ang kaniyang mga kasalanan ay nakasulat at nakatala nang bukod sa isang polyeto. Harinawang babasahin ninyo ito.
In short, according to the explicit Divine Text the least transgression shall make of this man a fallen creature, and what transgression is more grievous than attempting to destroy the Divine Edifice, breaking the Covenant, erring from the Testament, falsifying the Holy Text, sowing the seeds of doubt, calumniating ‘Abdu’l-Bahá, advancing claims for which God hath sent	Sa maikling salita, sang-ayon sa malinaw na Banal na Kasulatan, ang pinakamaliit na pagkakasala ay gagawin ang taong ito na isang nalugmok na nilalang, at anong pagkakasala ang higit pang malala kaysa sa pagtatangkang wasakin ang Banal na Gusali, ang paglabag sa Kasunduan, pagsuway sa Testamento, panghuwad sa Banal na Kasulatan,

down no warrant, kindling mischief and striving to shed the very blood of ‘Abdu’l-Bahá, and many other things whereof ye are all aware! It is thus evident that should this man succeed in bringing disruption into the Cause of God, he will utterly destroy and exterminate it. Beware lest ye approach this man, for to approach him is worse than approaching fire!	paghahasik ng mga binhi ng alinlangan, paninirang-puri kay ‘Abdu’l-Bahá, pagtataguyod ng mga inaangkin na walang ipinadalang karapatan ang Diyos, ang pagpapaningas ng masamang hangarin at pagsisikap na patuluin ang pinakadugo ni ‘Abdu’l-Bahá, at marami pang ibang mga ginawa na batid ninyong lahat! Kung gayon, maliwanag na kung ang taong ito ay magtagumpay sa pagdadala ng ligalig sa Kapakanan ng Diyos, ganap niyang wawasakin at papatayin ito. Mag-ingat na baka ninyo lapitan ang taong ito, sapagkat ang paglapit sa kaniya ay masahol pa sa paglapit sa apoy!
Gracious God! After Mírzá Badi’u’lláh had declared in his own handwriting that this man (Muhammad ‘Alí) had broken the Covenant and had proclaimed his falsification of the Holy Text, he realized that to return to the True Faith and pay allegiance to the Covenant and Testament would in no wise promote his selfish desires. He thus repented and regretted the thing he had done and attempted privily to gather in his printed confessions, plotted darkly with the Center of Sedition against me and informed him daily of all the happenings within my household. He has even taken a leading part in the mischievous deeds that have of late been committed. Praise be to God affairs recovered their former stability and the loved ones obtained partial peace. But ever since the day he entered again into our midst, he began afresh to sow the seeds of sore sedition. Some of his machinations and intrigues will be recorded in a separate leaflet.	Mapagpalang Diyos! Matapos na patotohanan ni Mírzá Badi’u’lláh sa kaniyang sariling sulat-kamay na ang taong ito (si Muhammad ‘Alí) ay nilabag ang Kasunduan at ipinahayag ang kaniyang panghuhuwad sa Banal na Kasulatan, natanto niyang ang pagbabalik sa Tunay na Pananampalataya at ang pagbibigay ng kaniyang katapatan sa Kasunduan at Testamento ay hindi rin maitataguyod ang kaniyang mapag-imbot na pagnanasa. Siya, kung gayon, ay pinagsisihan at pinanghinayangan ang bagay na kaniyang ginawa at tinangkang palihim na tipunin ang kaniyang nalathalang pagtatapat, lihim na nakipagsabwatan sa Sentro ng Kataksilan laban sa akin, at araw-araw na ipinaalam sa kaniya ang mga nangyayari sa aking tahanan. Nagkaroon pa siya ng pangunahing bahagi sa masamang mga gawa na kamakailan lamang ginawa. Purihin ang Diyos, sapagkat ang mga kalagayan ay nabawi ang kanilang datihang katiwasayan at ang mga minamahal ay nagkaroon ng kaunting katahimikan. Ngunit mula ng araw na siya ay nakisamang muli sa amin, nagsimula siya ng panibagong paghahasik ng mga binhi ng malubhang pagtataksil. Ang ilan sa kaniyang mga pakana at sabwatan ay itatala sa hiwalay na polyeto.
My purpose is, however, to show that it is incumbent upon the friends that are fast and firm in the Covenant and Testament to be ever wakeful lest after this wronged one is gone this	Ang aking layunin, gayumpaman, ay ang ipakita na tungkulin ng mga kaibigang matapat at matatag sa Kasunduan at Testamento na maging laging maingat na baka matapos na

alert and active worker of mischief may cause disruption, privily sow the seeds of doubt and sedition and utterly root out the Cause of God. A thousand times shun his company. Take heed and be on your guard. Watch and examine; should anyone, openly or privily, have the least connection with him, cast him out from your midst, for he will surely cause disruption and mischief.	mawala ang pinagkasalahang ito, itong laging handa at masigasig na manggagawa ng kasamaan ay maging sanhi ng pagkalansag, palihim na maghasik ng mga binhi ng alinlangan at paghihimagsik at ganap na lipulin ang Kapakanan ng Diyos. Nang isang libong beses layuan ang pakikisama sa kaniya. Makinig at maging mapagbantay. Magmasid at suriin, kung sinuman, nang lantaran o palihim, ang magkaroon ng kahit bahid ng pagkikipag-ugnay sa kaniya, palayasin siya sa kinaroroonan ninyo, sapagkat tiyak na magiging dahilan siya ng pagkalansag at kasamaan.
O ye beloved of the Lord! Strive with all your heart to shield the Cause of God from the onslaught of the insincere, for souls such as these cause the straight to become crooked and all benevolent efforts to produce contrary results.	O kayong minamahal ng Panginoon! Pagsikapan ninyo nang buong puso na ipagsanggalang ang Kapakanan ng Diyos mula sa pagsalakay ng mga hindi matapat, sapagkat ang mga kaluluwang katulad ng mga ito ay ang sanhi upang ang tuwid ay maging baluktot at ang lahat ng mabuting mga pagpupunyagi ay magbunga ng mga balintunang wakas.
O God, my God! I call Thee, Thy Prophets and Thy Messengers, Thy Saints and Thy Holy Ones, to witness that I have declared conclusively Thy Proofs unto Thy loved ones and set forth clearly all things unto them, that they may watch over Thy Faith, guard Thy Straight Path and protect Thy Resplendent Law. Thou art, verily, the All-Knowing, the All-Wise!	O Diyos, aking Diyos! Nananawagan ako sa Iyo, sa Iyong mga Propeta at sa Iyong mga Sugo, sa Iyong mga Santo at Sila na Iyong mga Banal, na sumaksi na aking ipinahayag nang hindi mapabubulaanan ang Iyong mga Katibayan sa Iyong mga minamahal at inihayag na nang malinaw ang lahat ng bagay sa kanila, upang magawa nilang ingatan ang Iyong Pananampalataya, pangalagaan ang Iyong Tuwid na Landas at ipagtanggol ang Iyong Maningning na Batas. Ikaw, sa katunayan, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong.
Part Three	Ikatlong Bahagi
He Is the Witness, the All-Sufficing	Siya ang Saksi, ang Nakasasapat sa Lahat.
O my God! my Beloved, my heart's Desire! Thou knowest, Thou seest that which hath befallen this servant of Thine, that hath humbled himself at Thy Door, and Thou knowest the sins committed against him by the	O aking Diyos! aking Minamahal, ang Mithiin ng aking puso! Iyong nalalaman, Iyong nakikita yaong sinapit ng Iyong tagapaglingkod na ito, na nagpapakumbaba ang kaniyang sarili sa Iyong Pintuan, at Iyong

people of malice, they that have broken Thy Covenant and turned their backs on Thy Testament. In the day-time they afflicted me with the arrows of hate and in the night-season they privily conspired to hurt me. At dawn they committed that which the Celestial Concourse did lament and at eventide they unsheathed against me the sword of tyranny and hurled in the presence of the ungodly their darts of calumny upon me. Notwithstanding their misdeeds, this lowly servant of Thine was patient and did endure every affliction and trial at their hands, though by Thy power and might he could have destroyed their words, quenched their fire and stayed the flame of their rebelliousness.	nalalaman ang mga kasalanang ginawa laban sa kaniya ng mga taong masama ang mga hangarin, silang lumabag sa Iyong Kasunduan at tumalikod sa Iyong Testamento. Sa araw ay pinaulanan nila ako ng mga palaso ng pagkamuhi at sa gabi ay lihim silang nagsasabwatan upang saktan ako. Sa pagbubukang-liwayway ginawa nila yaong ipinagdalamhati ng Makalangit na Kalipunan at sa takipsilim ay hinugot nila ang espada ng kalupitan at sa harapan ng mga hindi makadiyos ay ibinato ang mga suligi ng paninirang-puri sa akin. Sa kabila ng kanilang mga maling gawain, itong Iyong abang tagapaglingkod ay naging matiyaga at binata ang bawat paghihirap at pagsubok sa kanilang mga kamay, bagaman sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan at lakas ay maaari niyang mapuksa ang kanilang mga salita, patayin ang kanilang apoy at apulain ang ningas ng kanilang paghihimagsik.
Thou seest, O my God! how my long-suffering, my forbearance and silence have increased their cruelty, their arrogance and their pride. By Thy Glory, O Beloved One! They have misbelieved in Thee and rebelled against Thee in such wise that they left me not a moment of rest and quiet, that I might arise as it is meet and seemly, to exalt Thy Word amidst mankind, and might serve at Thy Threshold of Holiness with a heart that overfloweth with the joy of the dwellers of the Abhá Kingdom.	Nakikita Mo, O aking Diyos! Kung paanong ang aking mahabang pagtitiis, ang aking pagtitimpi at pananahimik ay nakadagdag sa kanilang kalupitan, sa kanilang labis na kapalaluan at sa kanilang pagmamataas. Saksi ang Iyong kaluwalhatian, O Ikaw na Minamahal! Sila ay hindi nanalig sa Iyo at naghimagsik laban sa Iyo, na hindi nila ako iniwanan kahit man lamang isang sandali ng pamamahinga at katahimikan, upang ako ay makabangon nang wasto at nararapat, upang dakilain ang Iyong Salita sa sangkatauhan, at makapaglingkod sa Iyong Bungad ng Kabanalan nang may pusong nag-uumapaw sa kaligayahan ng mga naninirahan sa Kaharian ng Abhá.
Lord! My cup of woe runneth over, and from all sides blows are fiercely raging upon me. The darts of affliction have compassed me round and the arrows of distress have rained upon me. Thus tribulation overwhelmed me and my strength, because of the onslaught of the foemen, became weakness within me, while I stood alone and forsaken in the midst of my woes. Lord! Have mercy upon me, lift	Panginoon! Ang kopa ng aking pagdadalamhati ay umaapaw na, at mula sa lahat ng dako ang mga dagok ay masidhing nananalanta sa akin. Ang mga suligi ng paghihirap ay bumalot sa akin at ang mga palaso ng pighati ay umulan sa akin. Kung kaya ang pagdurusa ay pumuspos sa akin at ang aking lakas, dahil sa pananalakay ng mga kaaway, ay naging kahinaan sa loob ko,

me up unto Thyself and make me to drink from the Chalice of Martyrdom, for the wide world with all its vastness can no longer contain me.	samantalang nakatayo ako nang nag-iisa at napabayaan sa gitna ng aking dalamhati. Panginoon! Kaawaan ako, itaas ako tungo sa Iyong Sarili at painumin ako mula sa Kalis ng Pagmamartir sapagkat ang malawak na daigdig sa buong kalakihan nito ay hindi na ako makayang maisilid.
Thou art, verily, the Merciful, the Compassionate, the Gracious, the All-Bountiful!	Tunay na Ikaw ang Maawain, ang Mahabagin, ang Madamayin, ang Magiliw, ang Lubos na Mapagbigay!
O ye the true, the sincere, the faithful friends of this wronged one! Everyone knoweth and believeth what calamities and afflictions have befallen this wronged one, this prisoner, at the hands of those who have broken the Covenant at the time when, after the setting of the Day-Star of the world, his heart was consumed with the flame of his bereavement.	O kayong mga tunay, mga taos-puso, mga tapat na kaibigan ng pinagkasalahang ito! Lahat ay nakaaalam at naniniwala kung ano ang mga kapahamakan at kapighatiang dinanas ng pinagkasalahang ito, ng bilanggong ito, sa mga kamay noong lumabag sa Kasunduan sa panahon nang matapos ang paglubog ng Bituing-Araw ng daigdig, ang kaniyang puso ay nilamon ng lagablab ng Kaniyang pangungulila.
When, in all parts of the earth, the enemies of God profiting by the passing away of the Sun of Truth, suddenly and with all their might launched their attack; at such a time and in the midst of so great a calamity, the Covenant-breakers arose with the utmost cruelty, intent upon harm and the stirring up of the spirit of enmity. At every moment a misdeed they did commit and bestirred themselves to sow the seeds of grievous sedition, and to ruin the edifice of the Covenant. But this wronged one, this prisoner, did his utmost to hide and veil their doings, that haply they might regret and repent. His long-suffering and forbearance of these evil deeds, however, made the rebellious ones still more arrogant and daring; until, through leaflets written with their own hands, they sowed the seeds of doubt, printing these leaflets and scattering them broadcast throughout the world, believing that such foolish doings would bring to naught the Covenant and the Testament.	Nang, sa lahat ng bahagi ng kalupaan, ang mga kaaway ng Diyos ay nakikinabang sa pagpanaw ng Araw ng Katotohanan, biglaan at nang buong lakas, sila ay naglunsad ng kanilang pananalakay; sa ganoong panahon at sa gitna ng napakalaking kapahamakan, ang mga lumabag sa Kasunduan ay nagbangon nang buong kalupitan, naghahangad na makasakit at pakilusin ang espiritu ng pagkapoot. Sa bawat sandali isang kasalanan ang kanilang ginagawa at pinakikilos ang kanilang mga sarili upang maghasik ng mga binhi ng malubhang kataksilan, at wasakin ang gusali ng Kasunduan. Ngunit ang pinagkasalahang ito, ang bilanggong ito, ay ginawa ang lahat ng kaniyang makakaya upang itago at ikubli ang kanilang mga ginagawa, na baka sakaling sila ay magsisi at humingi ng tawad. Ang kaniyang mahabang pagtitiis at pagtitimpi sa ganitong masamang mga gawa, gayumpaman, ay lalong ginawang palalo at mapusok ang mga mapanghimagsik; hanggang, sa pamamagitan ng mga polyeto na isinulat ng kanilang sariling mga kamay, nakapaghasik sila ng mga binhi ng pag-aalinlangan, inilimbag ang mga polyetong ito at ikinalat ang

	mga iyon sa buong daigdig, sa paniniwalang sa gayong ginawang kahangalan ay malalansag ang Kasunduan at Testamento.
Thereupon the loved ones of the Lord arose, inspired with the greatest confidence and constancy and aided by the power of the Kingdom, by Divine Strength, by heavenly Grace, by the unfailing help and Celestial Bounty, they withstood the enemies of the Covenant in well-nigh three score and ten treatises and supported by conclusive proofs, unmistakable evidences and clear texts from the Holy Writ, they refuted their scrolls of doubt and mischief-kindling leaflets. The Center of Sedition was thus confounded in his craftiness, afflicted by the wrath of God, sunk into a degradation and infamy that shall be lasting until the Day of Doom. Base and wretched is the plight of the people of evil deeds, they that are in grievous loss!	Bunga noon ang mga minamahal ng Panginoon ay nanindigan, binigyang-sigla ng pinakamalaking pagtitiwala at katatagan at tinulungan ng kapangyarihan ng Kaharian, ng Banal na Lakas, ng makalangit na Pagpapala, ng hindi nabibigong tulong at Makalangit na Biyaya, napaglabanan nila ang mga kaaway ng Kasunduan sa mahigit na pitumpung mga kasulatan at kinatigan ng kapani-paniwalang mga katibayan, hindi mapag-aalinlanganang mga patunay, malinaw na mga teksto mula sa Banal na Kasulatan, pinasinungalingan nila ang kanilang mga kasulatan ng pag-aalinlangan at mga polyetong nagpapaalab sa kasamaan. Ang Sentro ng Kataksilan, sa gayon ay nataranta sa kaniyang katusuhan, pinagdusa ng poot ng Diyos, nakalugmok sa kahihiyan at kawalang-dangal na mananatili hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Aba at kahabag-habag ang kalagayan ng mga taong masama ang mga gawain, sila na lubhang napariwara!
And as they lost their cause, grew hopeless in their efforts against the loved ones of God, saw the Standard of His Testament waving throughout all regions and witnessed the power of the Covenant of the Merciful One, the flame of envy so blazed within them as to be beyond recounting. With the utmost vigor, exertion, rancor and enmity, they followed another path, walked in another way, devised another plan: that of kindling the flame of sedition in the heart of the very government itself, and thus cause this wronged one, this prisoner to appear as a mover of strife, inimical to the government and a hater and opponent of the Crown. Perchance ‘Abdu’l-Bahá may be put to death and his name be made to perish whereby an arena may be opened unto the enemies of the Covenant wherein they may advance and spur on their charger, inflict a grievous loss upon everyone and subvert the very foundations of the edifice of the Cause of God. For so grievous is the conduct and behavior of this	At nang magapi ang kanilang layunin, sila ay nawalan ng pag-asa sa kanilang mga pagsisikap laban sa mga minamahal ng Diyos, nakitang iniwawagayway ang bandila ng Testamento Niya sa lahat ng panig at nasaksihan ang kapangyarihan ng Kasunduan Niya na Maawain, ang apoy ng inggit ay lubhang nagningas sa kanilang kalooban na hindi na kayang isalaysay pa. Nang may ganap na lakas, pagpupunyagi, poot at pagkamuhi, sila ay tumahak sa panibagong landas, lumakad sa ibang daan, gumawa ng panibagong pakana: iyon ay ang pagningasin ang apoy ng kataksilan sa pinakapuso ng pamahalaan mismo, upang sa gayon ay lumitaw na ang pinagkasalahang ito ay taga-upat ng kaguluhan laban sa pamahalaan at isang namumuhi at kalaban ng Korona. Nagbabaka-sakaling maipapatay si ‘Abdu’l-Bahá at ang kaniyang pangalan ay magawang maglaho upang isang larangan ang mabuksan para sa mga kaaway ng Kasunduan na kung saan magagawa nilang

false people that they are become even as an axe striking at the very root of the Blessed Tree. Should they be suffered to continue they would, in but a few days' time, exterminate the Cause of God, His Word, and themselves.	maisulong at mag-udyukan ang kanilang kabayong-pandigma, makagawa ng malupit na kapahamakan sa bawat isa at mawasak ang mga pinakasaligan ng gusali ng Kapakanan ng Diyos. Sapagkat napakalupit ang mga ugali at asal ng mga taksil na taong ito na sila ay waring palakol na sumisibak sa pinaka-ugat ng Banal na Puno. Kung sila ay pahihintulutang magpatuloy, sa loob lamang ng ilang araw, mapupuksa nila ang Kapakanan ng Diyos, ang Kaniyang Salita, at ang kanilang mga sarili.
Hence, the beloved of the Lord must entirely shun them, avoid them, foil their machinations and evil whisperings, guard the Law of God and His religion, engage one and all in diffusing widely the sweet savors of God and to the best of their endeavor proclaim His Teachings.	Kung ganoon, ang mga minamahal ng Panginon ay dapat na lubusang lumayo sa kanila, iwasan sila, biguin ang kanilang mga pakana at masamang mga bulong, pangalagaan ang Batas ng Diyos at ang Kaniyang relihiyon, gawing abala ang bawat isa at lahat sa malawak na pagpapalaganap ng kalugod-lugod na mga halimuyak ng Diyos at sa sukdulang kakayahan nila ay ihayag ang Kaniyang mga Turo.
Whosoever and whatsoever meeting becometh a hindrance to the diffusion of the Light of Faith, let the loved ones give them counsel and say: "Of all the gifts of God the greatest is the gift of Teaching. It draweth unto us the Grace of God and is our first obligation. Of such a gift how can we deprive ourselves? Nay, our lives, our goods, our comforts, our rest, we offer them all as a sacrifice for the Abhá Beauty and teach the Cause of God." Caution and prudence, however, must be observed even as recorded in the Book. The veil must in no wise be suddenly rent asunder. The Glory of Glories rest upon you.	Sinuman at sa anumang pagpupulong ang magiging isang balakid sa pagpapalaganap ng Liwanag ng Pananampalataya, hayaan ang mga minamahal na bigyan sila ng payo at sabihin: "Sa lahat ng mga biyaya ng Diyos, ang pinakadakila ay ang biyaya ng Pagtuturo. Inaakit nito sa atin ang Pagpapala ng Diyos at ito ang ating unang tungkulin. Paano natin ipagkakait sa ating mga sarili ang ganitong biyaya? Hindi lamang iyon, ang ating mga buhay, ang ating mga pag-aari, ang ating mga kaginhawahan, ang ating pamamahinga, iniaalay natin ang lahat ng iyon bilang isang pagpapakasakit sa Kagandahan ng Abhá at itinuturo ang Kapakanan ng Diyos." Ang pag-iingat at karunungan, gayumpaman, ay dapat sundin tulad ng nakatala sa Aklat. Ang lambong ay hindi dapat na kaagad lansagin. Ang Luwalhati ng mga Kaluwalhatian ay mapasa-inyo.
O ye the faithful loved ones of 'Abdu'l-Bahá! It is incumbent upon you to take the greatest care of Shoghi Effendi, the twig that hath branched from and the fruit given forth by the two hallowed and Divine Lote-Trees, that no	O kayong matapat na mga minamahal ni 'Abdu'l-Bahá! Tungkulin ninyong pangalagaan nang lubos si Shoghi Effendi, ang maliit na sanga na nagsanga at ang bunga na ibinigay ng dalawang sagrado at Banal na mga Puno ng

dust of despondency and sorrow may stain his radiant nature, that day by day he may wax greater in happiness, in joy and spirituality, and may grow to become even as a fruitful tree.	Lote, upang walang alabok ng kawalang pag-asa at dalamhati ang maaaring makabatik sa kaniyang maningning na pagkatao, upang sa araw-araw ay lalo siyang magtamasa ng kaligayahan, ng galak, at pagka-espiritwal, at lumago upang maging tulad ng isang mabungang puno.
For he is, after ‘Abdu’l-Bahá, the Guardian of the Cause of God, the Afnán, the Hands (pillars) of the Cause and the beloved of the Lord must obey him and turn unto him. He that obeyeth him not, hath not obeyed God; he that turneth away from him, hath turned away from God and he that denieth him, hath denied the True One. Beware lest anyone falsely interpret these words, and like unto them that have broken the Covenant after the Day of Ascension (of Bahá’u’lláh) advance a pretext, raise the standard of revolt, wax stubborn and open wide the door of false interpretation. To none is given the right to put forth his own opinion or express his particular conviction. All must seek guidance and turn unto the Center of the Cause and the House of Justice. And he that turneth unto whatsoever else is indeed in grievous error.	Sapagkat siya, pagkatapos ni ‘Abdu’l-Bahá, ay ang Guardian ng Kapakanan ng Diyos, ang Afnán, ang mga Hands (mga haligi) ng Kapakanan ng Diyos at ang mga minamahal ng Panginoon ay dapat sumunod sa kaniya at bumaling sa kaniya. Siya na hindi sumunod sa kaniya ay hindi sumunod sa Diyos; siya na lumayo sa kaniya ay lumayo sa Diyos at siya na nagtakwil sa kaniya ay nagtakwil sa Kaniyang Tunay. Mag-ingat na baka may sinumang magbigay ng huwad na pakahulugan sa mga salitang ito, at tulad nila na lumabag sa Kasunduan matapos ang Araw ng Pagyao (ni Bahá’u’lláh) ay magtaguyod ng isang pagkukunwari, itaas ang bandila ng paghihimagsik, maging matigas ang kalooban at buksan nang maluwang ang pinto ng maling pakahulugan. Walang sinuman ang binigyan ng karapatan na ipagpilitan ang kaniyang sariling palagay o magpahayag ng kaniyang natatanging paniniwala. Ang lahat ay dapat magsikap na matamo ang patnubay at bumaling sa Sentro ng Kapakanan at sa House of Justice. At siya na bumaling sa alinmang naiiba ay tunay na malubhang nagkakamali.
The Glory of Glories rest upon you!	Ang Luwalhati ng mga Kaluwalhatian ay mapasa-inyo!
This document has been downloaded from the <u>Bahá’í Reference Library</u> . You are free to use its content subject to the terms of use found at www.bahai.org/legal	